# *Sino Itong Si Melquisedec?*

Iyukod natin ang ating mga ulo sa panalangin.

Minamahal na Amang Makalangit, naririnig po namin itong awiting *Only Believe*, ipinaaalam nito sa amin na ganoon lamang ang kailangan naming gawin upang mamana ang anuman sa mga pangako ng Dios, sampalatayanan lamang ang mga ito. Sapagka't nasusulat, "Ang lahat ng bagay ay may pangyayari sa kanila na sumasampalataya." Habang kami'y nagsusumamo, kagaya ng lalaking may anak na epileptiko, "Panginoon, nananampalataya po ako! Tulungan Mo ang kakulangan ko ng pananampalataya."

2 Pinasasalamatan Ka po namin para sa Iyong dakilang kapangyarihan, ang dakila Mong kapahayagan ng Iyong Sarili sa amin sa mga huling araw na ito. Pinaliligaya nitong lubos ang aming mga puso at pinasisigla, na malamang nakaugnay namin ang buhay na Dios; Na Siyang nagpapatibay nitong muli sa pisikal, materyal na mga patunay, kagaya ng ginawa Niya sa mga nagdaang panahon, at kung papaanong ipinangako Niya sa araw na ito. Kami'y lubos na nagpapasalamat sa Iyo, aming Dios. Ang madilim na panahong ito kung saan tila ba hindi alam ninuman kung saan pupunta, kami'y labis na nagagalak na natagpuan namin ang ligtas na dako, ang kanlungan.

3 Ngayon ay pagpalain Mo po kami sa gabing ito, Panginoon, habang nangungusap kami tungkol sa Iyong Salita. At ang mga pangakong ibinigay sa amin, pagyamanin nawa namin ang mga ito sa aming mga puso, pakamahalin ang mga ito na may takot na paggalang, at talimahin ang mga ito na may tunay na maka-Dios na disiplina. Sapagka't hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

4 [May nakikipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Isang pag-ibig na kaloob? Hindi nila dapat. Hindi na dapat nila ginawa 'yun. Sinong gumawa n'un? Ikaw ba ang may gawa? Pinasasagot ko ang tagapamahala. Sinabi niyang siya ay nagpalikom ng kaloob na pag-ibig para sa akin. Hindi na dapat niya ginawa 'yun. Pinasasalamatan ko iyon, alam ng Dios iyan, nguni't ako—hindi ako dumarating para diyan. Salamat. Pagpalain nawa kayo ng Panginoon. Gagawin ko ang lahat kong makakaya. Ilalagak ko iyon sa mga pagmimisyon sa ibayong bansa, nang sa ganoon alam kong mapupunta iyon para sa Kaharian ng Dios. At kung loloobin ng Panginoon, gagamitin ko iyon, ako mismo, sa ibayong mga lupain, upang dalhin itong Ebanghelyo ring ito na inyong iniuupo riyan, pinakikinggan sa sanlinggong ito, nang sa gayon alam kong ito'y maisasagawa sa paraang pinaniwalaan n'yo Ito. Tulungan nawa ako ng Panginoon na gawin iyon.

5 Ako'y labis na nagpapasalamat sa napakaraming dumalo sa linggong ito, at para sa inyong lahat na nakakonekta ngayong gabi muli sa pamamagitan ng mga—mga linya ng telepono. At kami'y nagpapasalamat sa bawa't isa sa inyo.

6 Sinabi sa akin ni Billy kaninang umaga, ika niya, "Itay, kung sumama ka lang sana sa akin kaninang umaga, nang maaga, pagkatapos na pagkatapos ng pagbubukang-liwayway, at tumayo rito sa mga dakong ito at mamasdan ang mga ina na pinakakain ang kanilang mga sanggol sa kotse, ang mga kaawa-awang taong nangakaupo sa ulang iyon, naghihintay sa pagbubukas ng mga pinto!" Nakikita n'yo kung anong klaseng mapagpaimbabaw ako kung hindi pawang Katotohanan ang sinabi ko sa inyo? Ako ay magiging talaga namang napakasamang tao. Kung minsan kailangan kong makasakit, nguni't hindi dahil gusto ko, 'yun ay dahil. . .Hindi ako ang nakakasakit. Ang Katotohanan ang nakakasakit. At ako—ako. . .Nguni't naniniwala akong iyon ang dahilan na kayo'y pumaparito, dahil sa ako'y tunay na tapat sa inyo, at ginagawa ang lahat kong makakaya para matulungan kayo. Tulungan nawa ng Dios ang bawa't isa sa inyo.

7 At ngayon gusto kong pasalamatan ang mga tao sa mainam nilang pakikipagtulungan, ang mga nakatira sa siyudad na ito, gayundin naman, na nagbigay sa atin, pinahintulutan tayong upahan ang eskuwelahang ito, ang bulwagang ito at ang gym. At gusto kong pasalamatan ang mga nanunungkulan kung naririto kayo. At ganundin gusto kong pasalamatan si Thurston Colvin, na siyang katiwala dito, sa mainam niyang pakikiisa sa pagtulong sa amin para makuha ito at sa pag-antabay sa amin bawa't gabi.

8 Pinasasalamatan natin ang pulisya ng Jeffersonville sa kanilang pagparito at pagbabantay, sa napakababang halaga. Sa palagay ko'y nasa mga dalawang dolyar kada oras, na ang mga pulis ay itinalaga dito sa espesyal na tungkulin, para iparke ang mga sasakyan, para matiyak na walang. . .walang anumang mangyari, at lahat ay nasa mabuti. Nagpapasalamat kami sa mga taong iyon sa bagay na 'yan. At sa—sa, ganoon din, sa inhinyero dito sa—sa komite, napansin ko siya. At lahat ng kasapi sa bagay na ito, kami ay tunay na nagpapasalamat sa inyo.

9 Pinasasalamatan ko ang bawa't isa sa inyo sa mga kaloob. Dinala sa akin ni Billy, kaninang hapon, ang isang—isang regalo, mga ilan sa mga 'yon, at mga kahon, kendi, at iba pa. At ang isa sa mga iyon ay ang—ang Beatitudes, na may larawan ni Cristo na nakaukit doon—doon, ang Sermon sa Bundok. At talagang napakaganda niyon. Lubos ko kayong pinasasalamatan. At napakaraming mga bagay, hindi ko alam kung paano kayong pasalamatan. Pagkatapos, gayundin, sa inyong—inyong pagtataguyod, pagbibigay-pinansiyal para sa

pagtitipon, tunay na aming pinasasalamatan ’yun, nang buong puso namin. Pagpalain ng Panginoon ang bawa’t isa sa inyo, nang lubos.

10 Sabi ni Billy, maraming mga tao, humihiling kayo ng pribadong pakikipanayam nang oras na iyon. At maraming humiling at may mga mumunting sanggol na ihahandog. Oh, gaanong gusto kong gawin ’yan!

Subali’t, nakita n’yo, sa pagparito ko sa pagkakataong ito, ito’y napakaimportante. Kailangan kong manatili, palagi, sa pag-aaral, ang Salitang ito at pananalangin, sa kadahilanan ng paghahatid sa mga Mensaheng ito. Kita n’yo, ang mga ito ay hindi . . . Ang mga ito—ang mga ito ay di-pangkaraniwan sa atin, dahil ito ay ang pag-alam sa kalooban ng Dios at pagkatapos ay pagsasalita ng mga bagay na iyon. At ang lahat ng iyon ay kailangang magkalakip-lakip, at itinatanong sa Dios kung sadyang alin lang ang bubuksan.

11 Ngayon, kung loloobin ng Panginoon, babalik agad kami, sa sandaling makapagtakda kami ng araw. Ako’y naghain ng isang—isang mungkahi, o—o nagsabi ng bagay tungkol sa Pasko ng Pagkabuhay. Mabuti pa’y tingnan kong muli ’yan, dahil sa palagay ko’y may nakatakda ako sa California mga ganiyang panahon din. Kaya’t maaaring mali ’yun. Ganunpaman, kapag bumalik kaming muli sa tabernakulo, magpapadala kami sa inyo ng kard, at ang iglesya, at—at ibibigay sa inyo ang—ang petsa at oras. Kung ganoon ako’y, maaaring sa panahong ’yon, muli . . .

12 Hindi pa ako nakapaglaan ng anumang panahon sa pananalangin para sa mga maysakit. Hindi pa tayo nagkaroon ng isang gawain na pinalapit natin ang mga tao at ipinanalangin sila. Pinahahayo natin sila. At ang mga kapatid nating kalalakihan dito ay nangangaral, si Kapatid na Lee Vayle at si Kapatid na . . . Ang iba pang mga kapatid na ito ay nagsisipangaral, at nananalangin para sa mga maysakit, at nagsasagawa ng bautismo sa tubig, nagbabautismo, pala, at hinahayaan akong manatiling mag-isa kasama ng Salita. Pinasasalamatan natin ang mga kalalakihang ito. Ginawa nila ang magiting na gawa.

13 Napakaraming mga kaibigan dito na gusto kong makasalamuha. Titingin ako sa baba at makikita sina John at Earl. At naroon si Doktor Lee Vayle, isa sa mga tagapamahala ng kampanya. Si Kapatid na Roy Borders. Sila na mga kalalakihan, hindi man lang ako nagkaroon . . . Hindi ko man lang halos nakamayan sila. Hindi ako nagkaroon ng pagkakataon. Naiisip ko ang mga kaibigan ko mula sa Kentucky, at sa palibot rito, at mga kaibigang ministro, gaano ko kagustong kamayan sila! Si Kapatid na Blair, napansin ko siya rito nung isang araw. At marami sa mga kalalakihang iyon na aking—mahal sa akin, at sila’y nakadalo na sa ilang mga pagtitipon, at hindi ko man lang

halos sila nakamayan. Ako—ako'y nagsisikap. . .Hindi dahil ayaw kong gawin 'yon; 'yun ay dahil wala akong panahon para gawin iyon, at ako'y sadyang nagmamadali.

14 Paghahandog sa mga bata, siyanga. Ang sarili kong anak, ang munting apo ko ay dapat na ihahandog sana sa pagtitipong ito. Wala pa akong panahon na gawin iyon; ang munting si David. Lolo na ako, pangalawang beses na ngayon. Kaya naman, G. May, kung narito siya ngayong gabi, na nagbigay sa akin ng tungkod na iyon, tila ba kailangan ko nang gamitin 'yun sa kaunting panahon na lang.

15 Kaya, at sinabi ko kay Billy, sabi ko, "Sinabi nga ng Biblia na 'magpakarami at kalatan ang buong lupa,' subali't ang buong pasanin ay hindi ibinigay sa 'yo." At ang mga apong ito ay napakabilis na sumusulpot.

At gayunman, alalahanin, ang manugang kong babae ay baog, unang-una na. Hindi siya maaaring magkaanak. At isang araw, sa pag-alis ko sa isang pagtitipon, nangusap sa akin ang Panginoon at nagsabi, "Loyce, ikaw ay magsisilang ng isang anak na lalaki. Pinagpala ka ng Panginoon. Wala na ang sakit mo na pambabae." Ang munting si Paul ay isinilang, pagkaraan ng siyam na buwan.

16 Dalawang buwan bago dumating sa tagpo ang sanggol na ito, nakaupo ako, kumakain ng agahan isang umaga, sa mesa, at nakaupo sina Loyce at Billy sa kabila ng mesa mula sa akin. At nakita ko si Loyce na pinapakain ang isang munting sanggol na may kulay rosas. . .o asul na kumot na nakabalot dito. At si Billy ay nakaupo sa sulok, pinapakain ang munting si Paul. Sabi ko, "Billy, kakakita ko lang ng isang pangitain. Nagpapakain si Loyce ng isang sanggol na nakabalot sa isang asul na kumot."

Sabi niya, "Wala na naman ang pagha-hunting ko. Siyam na buwan na lang 'yun mula ngayon."

Labing-isang buwan pagkatapos, isinilang ang munting si David. At hindi ko pa nagawang maihandog siya sa Panginoon, at hindi ko magagawa hanggang sa bumalik kaming muli. Kaya't nakita n'yo kung ano 'yun.

17 Gaano ko kamahal ang mga tao at ang kanilang pakikisama! Subali't nagsisipanalangin ang mga kapatid natin para sa mga maysakit, at alam kong matagumpay 'yon. Bawa't gabi ay nanalangin tayo para sa mga maysakit, ang isa'y ipinapatong ang kamay sa isa pa, lahat tayo'y sama-sama, na sa ganoong paraan ay nasasaklaw nito ang kabuuan. Nguni't marahil, kung loloobin ng Dios. . .Mamarkahan ko iyon sa kard, kung ipadadala natin iyon. Sa pagbabalik, gusto kong maglaan ng mga dalawa o tatlong araw, muli, para lamang sa pananalangin para sa mga maysakit at ginagawa ang makakaya natin sa ganoong paraan. Ngayon, at pinasasalamatan ko ang mga taong iyon para sa kanilang tulong, muli.

18 Ngayon gusto ko lang magbigay-puna, pansumandali, sa—sa Mensahe kaninang umaga. Walang alinlangan, hindi ko 'yun lubusang natapos, subali't sa palagay ko'y nauunawaan n'yo. At sigurado akong hindi n'yo . . . Hindi n'yo kailanman malalaman kung ano ang kailangan kong daanan para magawa iyon.

19 Ngayon, tila ba napakasimple nito para sa inyo. Nguni't, kayo, nakikita mo ba kung ano ang ginagawa mo? Kinukuha mo ang lugar ng Dios, para ihayag ang Isang Bagay. At bago ko gawin iyon, kailangang may katugunan mula sa Dios. At kinailangan Niyang bumaba, at ipinakita Niya Mismo nang hayagan ang Kaniyang Sarili, at ibinigay ang Kapahayagan. Samakatuwid, kita n'yo, ito ay para sa Iglesya. At alalahanin, sinabi ko, "Ang mga ito, ang sinabi kong ito, ay sa Iglesya lamang."

20 At upang magkaroon kayo ng pagtitiwala at malaman, iyon ang siya ring Dios na nagsabi sa akin sa itaas doon kung saan walang squirrel. "Salitain mo, at sabihin kung saan malalagay ang mga iyon." At tatlong sunod-sunod na beses nangyari iyon. Ngayon, kung magagawa Niyang lumikha ng isang bagay na wala roon sa pamamagitan ng Salita ring iyon, gaano pa kaya Itong makapangyayari sa Araw ng Paghatol! Kita n'yo? Naroroon ang mga tao upang makita ang mga bagay na ito, at mapag-alaman. Gaya ng sinabi ni Pablo, noong mga nagdaang panahon. May mga kasama siya, na—na naramdaman ang pagyanig ng lupa; at hindi narinig ang tinig, nguni't kanilang—kanilang nakita ang—ang Haliging Apoy.

21 Mabuti ang naidulot nito sa akin, gayun pa man, pagkatapos na mangyari iyon; na makita ang mga mag-asawang babae't lalaki, na alam kong mga tunay na Cristiano, na nagyayakapan at nag-iiyakan.

22 At pakinggan, mga kaibigan, pinatutunayan ng Dios ang Kaniyang Salita sa pamamagitan ng mga tanda at mga pagpapatibay, upang patunayan na Iyon ay tama, ang binigkas na Salita. Ngayon alalahanin, ang Liwanag na iyon na nasa Ulap, na nagbigay ng Kapahayagan. Ako ay . . .

Sinabi ng maliit kong anak na babae, si Sarah na narito, na nang sila ay . . . Ang eskuwelahang iyon doon sa Arizona ay nakatingala doon sa maaliwalas na himpapawid, at tinatanaw ang Ulap na ito na mahiwagang nasa bundok na iyon, pumapaitaas at bumababa, na may amber na Apoy na naglalagablab Rito. Pinatigil ng guro ang mga mag-aaral at ang pagtuturo, at inilabas sila sa harapan, at sabi, "May nakita na ba kayong gaya niyan? Tingnan ang pagkakaayos doon."

Alalahanin, 'yan ang siya ring amber na Liwanag na nasa bato. Kaya iyon ang iisang Dios, siya ring Kapahayagan, sabi, "Sabihin mo sa kanila na gawin ang *ganito*." Ang siyang

ipinangusap ko sa inyo kaninang umaga, kaya hayun na nga Iyon.

23 Kung mangyaring ang matalik kong kaibigan, si Kapatid na Roy Roberson, ay nakikinig sa Tucson. Roy, naaalala mo, noong isang araw, ang pangitaing nakita mo noong nakatayo tayo roon sa bundok? Lumapit ka sa akin, at ang Ulap na 'yun ay nasa ituktok? Sa paglalakad pababa, alam mo ang sinabi Niya sa iyo; at sinabi ko sa 'yo sa bahay na iyon, noong isang araw? Iyon na 'yun, Roy. Huwag ka nang mag-alala pa, anak. Tapos na iyon.

24 Sadyang di n'yo alam kung ano ang kahulugan niyan! Ito'y biyaya. Iniibig ka Niya. At iniibig mo Siya, paglingkuran mo Siya nang may pagpapakumbaba at sambahin Siya sa nalalabi mong buhay. Maging masaya, magpatuloy at mamuhay nang kung ano ka. Kung maligaya ka, magpatuloy ka sa ganoon. Huwag ka nang muli pang gagawa ng mali, gaya niyan. Magpatuloy ka lang. Biyaya iyon ng Dios.

25 Ngayon ay gusto kong manalanging muli bago tayo pumasok sa Salita. Ilan ang mananalangin para sa akin? Sadyang paroroon ako mula sa isang pagtitipon tungo sa isa pa. Maaari ba kayong manalangin?

Alam n'yo, gusto kong umawit para sa inyo ng isang munting awit, lahat tayo sabay-sabay, bago tayo pumunta sa Salita. Para lamang. . . para makilala natin ang Dios. . . Isang munting pag-aalay lamang. Narinig n'yo na ba ang maikling awiting ito, *He Careth For You*? "Sa pagka-maaliwalas at sa kapighatian, Siya ay nagmamalasakit sa iyo."

26 Ang munting binibini ay papunta sa piyano. Siyanga pala, gusto kong pasalamatan ang munting binibining ito, din naman. Hindi ko man lang siya kilala. Isa siya sa mga anak ng diyakono dito. Tunay na ako'y. . . Munting anak na babae ni Kapatid na Wheeler. Malaki na siya ngayon. Isa siyang munting musmos na naupo sa kandungan ko, kailan lamang, at ngayon siya'y dalaga na. Kaya't talagang pinasasalamatan ko siya na ginamit niya ang kaniyang talento sa musika, at ngayon siya'y tumutugtog nang napakainam. Maaari mo ba kaming bigyan ng tipa, kapatid? Sabay-sabay tayong lahat ngayon.

> He careth for you,
> He careth for you;
> Through sunshine or shadow,
> He careth for you.

Gusto n'yo ba 'yan? Awitin nating muli iyan, nang sabay-sabay.

> He careth for you,
> He careth for you;
> Through sunshine or shadow,
> He careth for you.

Kapatid na Dauch, nagmamalasakit Siya sa iyo, din naman, kapatid. Mahal n'yo ba Siya? [Nagsasabi ang kongregasyon, "Amen."—Pat.]

Iyukod natin ang ating mga ulo ngayon.

27 Minamahal naming Mahahabaging Dios, tangan itong munting tala dito ng ilang mga bagay na sasabihin sa mga tao, at bumalik muli upang tukuying muli ang sa kaninang umaga, sapagka't iyan po ang ipinarito ng mga tao upang mapakinggan. Dalangin ko, Dios, na Iyong hahayaang makita ng mga tao na ang Dios ay nagmamahal at nagmamalasakit. At hindi ako ang siyang nagbigay Niyon, Panginoon, iyon ay pinagtibay na iyon ang Katotohanan. Kaya't dalangin ko, Minamahal na Dios, na ang pag-ibig Mo ay laging mananatili sa gitna ng mga tao. Sa gabing ito, ang maghiwa-hiwalay matapos ang pagtitipong ito at umuwi sa aming mga sariling tahanan, ito—ito'y tila baga humahatak sa amin, bagay, na malalim, Panginoon. Dalangin ko po na Iyong pagpapalain ang mga taong ito.

28 Ngayon habang tumutungo kami sa Salita, sa panalangin, at tumungo sa nakatitik na Salita, hinihiling namin na Iyong kukunin ang nakatitik na Salitang ito at gawin Itong buhay sa amin ngayong gabi. At sa paglisan namin sa gusaling ito ngayong gabi upang maghiwa-hiwalay para umuwi sa aming mga sariling tahanan, masabi nawa naming gaya ng mga galing sa Emaus, na kasama Siyang lumakad buong maghapon at hindi pa rin Siya nakilala; nguni't nang napapasok na Niya sila sa loob ng silid nang gabing iyon, at naisara na lahat ang mga pinto, gumawa Siya ng isang bagay na tulad ng ginawa Niya bago ang Kaniyang pagkapako sa krus. Sa pamamagitan niyon, nalaman nilang Siya'y nabuhay nang mag-uli.

Gawin Mo po itong muli ngayong gabi, Panginoon. Ipagkaloob ito, habang nakasara ang mga pinto, at ang munti Mong grupo dito ay nangakaupo, naghihintay. At, Ama, sa pag-uwi namin sa aming mga tahanan, sasabihin naming gaya nila, "Hindi ba nag-alab ang ating mga puso sa loob natin habang tayo'y kinakausap Niya sa daan!" Ipinagkakatiwala po namin ang aming mga sarili, at lahat-lahat, sa Iyong mga kamay, Panginoon. Gawin Mo po sa Amin kung ano ang naaayon sa Iyong paningin. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

29 Ngayon tayo'y magtungo kaagad sa gawain ngayon, nang mabilisan. Dumadako ngayon na kasabay ko, kung nais n'yo, sa Aklat ng Mga Hebreo, at isa na namang kapahayagan sa Mensahe. Mangungusap tayo ng ilang sandali sa gabing ito, kung loloobin ng Panginoon. At pagkatapos habang binabasa ang unang tatlong talata ng Mga Hebreo 7:1 hanggang 3, at pagkatapos ay magbibigay ng pahayag ukol dito. At hindi natin alam kung ano ang gagawin ng Panginoon; hindi natin alam. Ang bagay lang na ginagawa natin ay manampalataya lamang,

magbantay, manalangin. Tama ba 'yan? At sumampalataya na "gagawin Niyang magkalakip-lakip ang lahat na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Kaniya," sapagka't ipinangako Niyang gagawin Niya iyon.

*Sapagka't itong si Melquisedec, hari ng Salem, saserdote ng Kataastaasang Dios, na siyang sumalubong kay Abraham sa pagbabalik na galing sa paglipol sa mga hari, at siya'y pinagpala niya;*

*Na siya namang binahagihan ni Abraham ng ikasangpung bahagi ng lahat; na kung sasaysayin, una-una, siya'y Hari ng katuwiran, at saka Hari naman sa Salem, na sa makatuwid, ay Hari ng kapayapaan;*

Ipagpatuloy pa natin ang pagbasa.

*Na walang ama, walang ina, walang tandaan ng lahi,. . .walang pasimula ng mga araw,* o *katapusan ng buhay man; datapuwa't naging katulad ng Anak ng Dios; ay nanatiling saserdote magpakailan man.*

30 Isipin ang dakilang Taong ito, kung gaano kadakila marahil ang Lalaking ito! At ngayon, ang tanong ay, "Sino ang Lalaking ito?" Ang mga teologo ay nagkaroon na ng iba't ibang haka. Subali't mula nang mabuksan ang Pitong Tatak, ang misteryosong Aklat na dating palaisipan sa atin. . .Ayon sa Apocalipsis 10:1 hanggang 7, lahat ng mga hiwaga na naisulat sa Aklat na ito, na naitago sa mga kapanahunan ng mga repormista, ay marapat na mahayag sa paningin sa pamamagitan ng anghel ng huling kapanahunan ng iglesya. Ilan ang nakaaalam na tama 'yan? [Nagsasabi ang kongregasyon, "Amen."—Pat.] Tama 'yan, nararapat na mahayag. Lahat ng mga hiwaga ng misteryosong Aklat ay ihahayag sa mensahero ng Laodicea ng kapanahunang iyon.

31 Nakikitang napakaraming pagtatalu-talo patungkol sa Taong ito at sa paksang ito, sa palagay ko'y marapat lang sa atin na himayin ito, upang mapag-alaman kung Sino ito. Ngayon may ilang mga paaralan ng kaisipan tungkol sa Kaniya.

Ang isa sa mga paaralang iyan, ay nagpapahayag na, "Siya ay kathang-isip lamang. Hindi naman talaga Siya isang tao."

At sinasabi ng iba, na, "Iyon ay pagkasaserdote. Iyon ay ang pagkasaserdote ni Melquisedec." Iyon ang mas malamang, na mas malapit-lapit sa panig na 'yan kaysa dun sa isang panig, 'yun ay dahil sa sinasabi nila na iyon ay pagkasaserdote.

Hindi iyon maaaring gayon, dahil sa ika-4 na talata sinasabi Niyon na Siya ay isang Persona, isang "Tao." Kung ganun, upang maging isang Persona, marapat lang na Siya ay isang personalidad, isang "Tao." Hindi isang pagkasaserdote; kundi isang Persona! Kaya hindi siya isang hanay ng pagkasaserdote

lamang, ni hindi rin Siya isang kathang-isip. Siya ay isang Persona.

32 At ang Personang iyon ay Walang-hanggan. Kung mapapansin n'yo, "Wala Siyang ama. Wala Siyang ina. Walang panahon na kailanma'y nagpasimula Siya. At wala Siyang panahon na kailanma'y nagtapos Siya." At Sino man iyon ay nabubuhay pa rin sa gabing ito, dahil sinabi rito ng Biblia, na, "Wala Siyang ama, ni ina, pasimula ng mga araw, o katapusan ng buhay." Kung ganun marapat lang na Iyon ay Personang Walang-hangganan. Tama ba 'yon? [Nagsasabi ang kongregasyon, "Amen."—Pat.] Isang Personang Walang-hanggan! Kung ganun iisa lamang ang Personang iyon, iyon ay ang Dios, 'pagkat Siya lamang ang Nag-iisang Walang-hanggan. Ang Dios!

33 Ngayon, sa Unang Timoteo 6:15 at 16, kung gusto n'yong basahin 'yan minsan, gusto kong basahin ninyo 'yun.

Ngayon, ang bagay na pinaninindigan ko ay, na, Siya ay ang Dios, dahil Siya lamang ang nag-iisang Persona na maaaring maging walang-kamatayan. At ngayon, ang Dios na pinapaging-persona ang Kaniyang Sarili; iyan ang kung ano Siya, "Walang ama, walang ina, walang pasimula ng buhay, walang katapusan ng mga araw."

34 Ngayon nasumpungan natin sa Kasulatan na maraming tao ang nagtuturo n'yan, "tatlong personalidad sa pagka-Dios." Kung ganoon, hindi ka maaaring magkaroon ng personalidad na hindi ka persona. Kailangang maging persona upang magkaroon ng personalidad.

Isang ministrong Baptist, ilang linggo na ang nakararaan, ang dumating, at sa bahay ko, at ika, "Gusto kitang ituwid tungkol sa pagka-Dios minsan kapag may panahon ka." Tinawagan ako, pala.

35 Sabi ko, "May panahon ako ngayon mismo, 'pagkat gusto kong maituwid, at isantabi natin ang iba pang bagay, para gawin 'yon."

At dumating siya, sabi niya, "Kapatid na Branham, itinuturo mong may iisang Dios lamang."

Sabi ko, "Siyanga, po."

Wika niya, "Buweno," ika niya, "Naniniwala akong may iisang Dios, subali't isang Dios sa tatlong Persona."

Sabi ko, "Mga ginoo, pakiulit nga uli iyan."

Sabi niya, "Isang Dios, sa tatlong Persona."

36 Sabi ko, "Saan ka nag-aral?" Kita n'yo? At sinabi niya sa akin ang isang—isang kolehiyong pang-Biblia. Wika ko, "Mapaniniwalaan ko 'yan. Hindi ka maaaring maging persona na hindi ka personalidad. At kung isa kang personalidad, nag-

iisa kang personalidad sa sarili mo. Ikaw ay nag-iisa, indibidwal na katauhan."

At sabi niya, "Buweno, hindi man lang kayang ipaliwanag 'yan ng mga teologo."

Sabi ko, "Iyon ay sa pamamagitan ng kapahayagan."

At wika niya, "Hindi ko matatanggap ang kapahayagan."

37 Sabi ko, "Kung ganoon walang anumang paraan para maabot ka ng Dios, dahil sa, 'Ito ay inilihim sa mga mata ng mga pantas at matatalino, at ipinahayag sa mga sanggol,' ipinahayag, kapahayagan, 'ipinahayag sa mga sanggol na tatanggap nito, matututo.'" At sabi ko, "Walang anumang paraan para maabot ka ng Dios; isinasara mo ang sarili mo sa Kaniya."

Ang buong Biblia ay ang kapahayagan ng Dios. Ang buong iglesya ay itinayo sa ibabaw ng kapahayagan ng Dios. Walang ibang kaparaanan na makikilala ang Dios, sa pamamagitan lamang ng kapahayagan. "Sa sinuman na pagpahayagan ng Anak sa Kaniya." Kapahayagan; ang lahat ay kapahayagan. Kaya, ang tanggap- . . . Ang hindi pagtanggap sa kapahayagan, kung ganoon ikaw ay isa lamang malamig na teologo, at wala ng pag-asa pa para sa 'yo.

38 Ngayon, ngayon, napag-alaman natin na ang Personang ito ay "walang ama, walang ina, walang pasimula ng mga araw o katapusan ng buhay." Ang Dios iyon, *en morphe*.

Ngayon, ang mundo, ang salita ay nagmumula, ang Griyegong salita, nangangahulugang, "pagbabago," ang siyang ginamit. Binabago ang Kaniyang Sarili, *en morphe*, mula sa isang Persona tungo sa . . . Isang persona; ang Griyegong salita roon, *en morphe*, ibig sabihin . . . Hango 'yun sa pagtatanghal ng dula, na ang isang tao ay nagpapalit ng kaniyang maskara, upang siya'y maging isa pang tauhan.

39 Gaya sa—sa paaralan, kamakailan lamang, sa palagay ko, si Rebekah, bago siya magtapos, nagtanghal sila ng isa sa mga dula ni Shakespeare. At kinailangan ng isang binata na magpalit ng kaniyang suot makailang beses, dahil ginampanan niya ang dalawa o tatlong iba't ibang papel; nguni't, iisang persona. Lumabas siya, minsan, siya ang kontrabida; at nung sumunod na lumabas siya, iba na naman siyang tauhan. At ngayon ang Griyegong salitang, *en morphe*, ay nangangahulugang kaniyang "pinalitan ang kaniyang maskara."

40 At ganoon ang ginawa ng Dios. Ang iisang Dios iyon palagi. Ang Dios sa anyo ng Ama, ang—ang Espiritu, ang Haliging Apoy. Ang Dios ding iyon ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin, *en morphe*, inilabas upang Siya ay makita. At ngayon ang Dios ding iyon ay ang Espiritu Santo. Ama, Anak, Banal . . . hindi tatlong Dios; tatlong katungkulan, tatlong pagganap ng iisang Dios.

41 Sinabi ng Biblia, "May isang Dios," hindi tatlo. Subali't ganoon na hindi nila . . .Hindi n'yo ito maitatama at magkaroon ng tatlong Dios. Hinding-hindi mo mapaniniwala diyan ang isang Hudyo. Titiyakin ko 'yan sa inyo. Ang isang nakaaalam ng mas mainam, alam niyang may iisang Dios lamang.

42 Pansinin, kagaya ng iskultura, siya ay nagtatago, na may isang—isang nakatakip dito. Ganiyan ang ginawa ng Dios sa kapanahunang ito. Iyon ay naitago. Lahat ng mga bagay na ito ay naitago, at dapat na mahayag sa kapanahunang ito. Ngayon, sinasabi ng Biblia na ang mga ito ay mahahayag sa mga huling panahon. Tulad ito ng isang manlililok na pinananatili ang kaniyang—ang kaniyang gawa na nakatalukbong hanggang sa oras na alisin niya ang talukbong dito at hayun na nga iyon.

At gayundin naman ang Biblia noon pa. Iyon ay gawa ng Dios na natalukbungan. At nailihim 'yun mula pa nang maitatag ang sanglibutan, at ang pitong-luping hiwaga Nito. At ipinangako ng Dios sa panahong ito, sa kapanahunan nitong iglesya ng Laodicea, aalisin Niya ang talukbong ng buong bagay at makikita natin Ito. Napaka-maluwalhating bagay!

43 Ang Dios, *en morphe*, natalukbungan sa Haliging Apoy. Ang Dios, *en morphe*, sa isang Taong nagngangalang Jesus. Ang Dios, *en morphe*, sa Kaniyang Iglesya. Ang Dios na nasa itaas natin, ang Dios na kasama natin, ang Dios na nasa atin; ang pagpapakababa ng Dios.

Doon sa itaas, banal, walang sinuman ang makahihipo sa Kaniya, Siya'y namalagi sa bundok; at kung mahipo man ng isang hayop ang bundok, ay kinakailangang mamatay.

At pagkatapos ang Dios ay nanaog at nagpalit ng Kaniyang anyo, at nanaog at nanahan kasama natin, naging isa sa atin. "At nahawakan natin Siya," sinabi ng Biblia. Unang Timoteo 3:16, "Walang pagtatalo dakila ang hiwaga ng kabanalan; sapagka't ang Dios ay nahayag sa laman, nahawakan ng mga kamay." Ang Dios ay kumain ng karne. Uminom ng tubig ang Dios. Natulog ang Dios. Umiyak ang Dios. Siya ay naging isa sa atin. Ang ganda, itinipo sa Biblia!

Iyon ang Dios na nasa itaas natin; ang Dios na kasama natin; ngayon ay ang Dios na nasa loob natin, ang Banal na Espiritu. Hindi ang ikatlong Persona; ang siya ring Persona!

44 Ang Dios ay bumaba at nagkatawang-tao, at namatay sa kamatayan, kay Cristo; upang malinisan Niya ang Iglesya, upang makapasok rito, tungo sa pakikisama. Gustong-gusto ng Dios ang pakikisama. 'Yun ang dahilan na nilalang Niya ang tao sa una pa lang, ay para makisalamuha; mag-isang nananahan ang Dios, kasama ang mga Kerubin.

45 At pansinin ngayon, nilikha Niya ang tao, at nahulog ang tao. Kaya't Siya ay nanaog at tinubos ang tao, dahil gustong-

gusto ng Dios ang sinasamba. Ang salitang *dios* mismo ay nangangahulugang "isang pinag-uukulan ng pagsamba."

At itong dumarating sa gitna natin, bilang isang Haliging Apoy, bilang isang bagay na bumabago sa ating mga puso, iyon ang siya ring Dios na nagsabi, "Magkaroon ng liwanag," at nagkaroon ng liwanag. Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailan man.

46 Ngayon, sa pasimula ang Dios ay nanahang mag-isa, taglay ang Kaniyang mga katangian, katulad ng ipinangusap ko kaninang umaga. Iyon ang Kaniyang mga kaisipan. Wala ng iba pa, tanging ang Dios lang, subali't may mga kaisipan Siya.

Katulad ng ang isang magaling na arkitekto ay maipaplano, sa isip niya, at maiguguhit ang iniisip niya na ito'y kaniyang ita—itatayo. Lumikha, ngayon, hindi siya makalilikha. Maaari niyang kunin ang isang bagay na nalikha na at gawin iyon sa ibang anyo; 'pagkat ang Dios ang tanging paraan . . . ang Iisang makalilikha. Subali't naipaplano niya sa kaniyang isip kung ano ang gagawin niya, at 'yun ang mga kaisipan niya, 'yun ang mga mithiin niya. Ngayon isa itong kaisipan, at pagkatapos bibigkasin niya ito, at kung ganoon iyon ay salita na. At ang isang—isang salita ay . . .

47 Ang isang kaisipan, kapag ito ay binigkas, ito'y salita na. Ang kaisipang nahayag ay isang salita, subali't kailangang maging kaisipan muna ito. Kaya't, ito'y mga katangian ng Dios; pagkatapos ito'y nagiging kaisipan, pagkatapos ay salita.

48 Pansinin. Yaong mga may taglay, ngayong gabi, na Walang-hanggang Buhay, ay kasama Niya, at nasa loob Niya, sa Kaniyang kaisipan, bago pa man nagkaroon ng Anghel, bituin, Kerubin, o ano pa mang bagay. Iyon ay Walang-hanggan. At kung mayroon kang Walang-hanggang Buhay, ganoon ka na noon pa. Hindi sa pagparito mo, kundi ang hubog at anyo na ang walang katapusang Dios . . .

49 At kung hindi Siya walang katapusan, hindi Siya Dios. Ang Dios nga ay walang katapusan. Tayo'y may katapusan; Siya ay walang katapusan. At Siya ay nasa lahat ng dako, walang-hanggan ang karunungan, at pinakamakapangyarihan sa lahat. Kung hindi Siya ganoon, kung ganoon hindi Siya Dios. Alam ang lahat ng bagay, lahat ng dako, dahil sa pagiging nasa lahat ng dako Niya. Ang pagkaalam sa lahat ng bagay ay nagpapaging nasa lahat ng dako Niya. Siya ay isang Persona; hindi Siya gaya ng hangin. Siya ay isang Persona; tumatahan Siya sa isang tahanan. Nguni't sa pagiging walang-hanggan ang karunungan, nalalaman ang lahat ng bagay, ay nagpapaging nasa lahat ng dako Niya, dahil sa alam Niya ang lahat ng bagay na nagaganap.

Walang pulgas na kukurap ang mata na hindi Niya alam ito. At alam na Niya iyon bago pa man nagkaroon ng sanglibutan, ilang beses itong kukurap, at kung gaano karami ang taba na

nasa loob nito, bago pa man nagkaroon ng sanglibutan. Iyon ay walang-hanggan. Hindi natin maunawaan 'yon sa ating mga kaisipan, subali't ganoon ang Dios. Ang Dios, walang-hanggan!

50 At tandaan, ikaw, ang mga mata mo, ang iyong kaanyuan, ano ka man, naroon ka na sa Kaniyang kaisipan nang pasimula. At ang bagay lamang na ikaw ay ngayon ay ang paghahayag, salita. Matapos Niya itong maisip, sinalita Niya ito, at heto ka. Kung hindi ganoon, kung wala ka sa kaisipan Niya, walang anumang paraan na naririyan ka, dahil Siya ang Siyang nagbibigay ng Walang-hanggang Buhay.

51 Natatandaan n'yo kung paanong binasa natin ang Mga Kasulatan? "Hindi sa kaniya na may ibig, ni sa kaniyang pagsisikap, kundi ang Dios!" At upang ang Kaniyang pagtatalaga ay mapatotohanan, makakapamili Siya, bago pa ang alinmang oras, kung sino. Ang Dios ay pinaka-nakapangyayari sa lahat sa Kaniyang pagpili. Alam n'yo ba 'yon? Ang Dios ay pinaka-nakapangyayari sa lahat.

Sinong naroon noon upang sabihin sa Kaniya ang mas mainam na paraan para likhain ang sanglibutan? Sino ang mangangahas na magsabi sa Kaniyang mali ang pamamalakad Niya sa Kaniyang paggawa?

Maging ang mismong—ang mismong Salita, Ito mismo, talagang pinaka-nakapangyayari sa lahat. Maging ang kapahayagan ay pinaka-nakapangyayari sa lahat. "Siya ay nagpapahayag sa kanino mang nais Niyang pagpahayagan." Ang kapahayagan mismo, ito mismo, ay pinaka-nakapangyayari sa lahat diyan sa Dios. Ganiyan kung paanong ang mga tao ay idinidiin ang mga bagay-bagay, at tinanggap agad ang mga bagay-bagay, at binibira ang mga bagay-bagay, hindi nalalaman kung ano'ng ginagawa nila. Ang Dios ay pinaka-nakapangyayari sa lahat sa Kaniyang mga gawa.

52 Ngayon nasumpungan natin Siya sa pasimula, ang Kaniyang mga katangian. At, ngayon, naroon ka kasama Niya noon pa man. Sa panahong iyon ay kung kailan ang Aklat ng Buhay ay nahahayag sa paningin.

Ngayon, nabasa natin dito sa Apocalipsis sa ika-13 kabanata, ang ika-8 talata, na, "Ang hayop na umaahon sa ibabaw ng lupa," sa mga huling araw na ito, "ay dadayain ang lahat ng mga taong iyon na nananahan sa lupa na ang mga pangalan ay hindi nasusulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero bago pa itatag ang sanglibutan."

53 Isipin ito! Bago pa maipanganak si Jesus, apat na libong taon bago Siya dumating sa lupa, at ilang libong taon bago ka dumating sa lupa; si Jesus, sa kaisipan ng Dios, ay namatay na para sa mga kasalanan ng sanglibutan, at ginawa na ang Aklat ng Buhay, at inilagay na ang pangalan mo sa Aklat ng Buhay na iyon bago itatag ang sanglibutan. Iyan ang Katotohanan mula

sa Biblia. Kita n'yo, ang iyong pangalan ay itinalaga ng Dios at inilagay na sa Aklat ng Buhay bago pa itatag ang sanglibutan.

54 Naroon ka na sa Kaniyang mga katangian. Hindi mo 'yun naaalala, hindi, dahil bahagi ka lamang ng Buhay Niya. Bahagi ka ng Dios kapag ikaw ay naging anak na lalaki o anak na babae ng Dios.

Kung paanong bahagi ka ng makalupa mong ama! Tama 'yan. Ikaw nga. Dala ng lalaki ang hemoglobin, ang dugo. At kapag 'yan ay nakapasok na sa—sa itlog, kung ganoon ay nagiging bahagi ka na ng iyong ama; at ang nanay mo ay bahagi ng tatay mo, din naman; kaya't bahagi kayong lahat ng inyong ama.

Luwalhati! Iyan ang nagpapalabas sa denominasyon, nang lubusan. Uh-huh. Talagang gayon nga! Ang Dios, sa lahat, ang nag-iisang dako!

55 Pansinin ngayon ang katangian Niya. Noon ang katangian ay, una, Dios; ang kaisipan, ang katangian mismo, lahat sa Iisa, na hindi pa naipahayag. Pagkatapos nang Kaniyang ipahayag, pumapangalawa, Siya pagkatapos ay naging Salita. "At pagkatapos ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin."

56 San Juan unang kabanata at unang talata, pansinin, ito ay, "Sa pasimula." Ngunit, bago pa, ang Walang-hanggan na! Pansinin, "Sa pasimula ay ang Salita." Nang nagpasimula ang oras, 'yun ay Salita. Subali't bago ito naging Salita, ito ay katangian, isang kaisipan. Pagkatapos 'yun ay ipinahayag, "Sa pasimula ay," ang paghahayag, "ang Salita."

Ngayon patungo na tayo kung nasaan si Melquisedec. Iyon itong mahiwagang Personang ito. "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios." "At pagkatapos ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin." Huminto muna diyan ngayon, pansinin.

57 Ang Kaniyang—ang Kaniyang unang katauhan ay Espiritu, ang Dios, supernatural, buweno, ang dakilang Walang-hanggan. Pangalawa, nagpasimula Niyang anyuan ang Kaniyang Sarili tungo sa pagiging laman, sa isang *theophany*, ang tawag dito ay "ang Salita; isang katawan." Ito noon ang kalalagayan Niya nang salubungin Niya si Abraham, tinawag na Melquisedec. Siya ay nasa anyong theophany. Ngayon pupuntahan natin iyan at patutunayan ito sa loob ng ilang minuto, kung loloobin ng Panginoon. Siya ang Salita.

58 Ang isang theophany ay isang bagay na hindi mo makita. Maaaring narito ito ngayon mismo, gayunma'y hindi mo ito makita.

Gaya lang ito, buweno, gaya ng telebisyon. 'Yun ay nasa ibang dimensiyon. Ang telebisyon; ang mga tao'y gumagalaw

dito mismo sa silid na ito ngayon, nag-aawitan; may mga kulay, din naman. Subali't ang mata ay nakapasailalim lamang sa limang pandama . . . Ang buong pagkatao mo ay nakapasailalim lamang sa limang pandama, pala. At nakapaisailalim ka sa kung ano lang ang kayang makita ng paningin. Subali't may isa pang dimensiyon na maaaring makita sa pamamagitan ng transpormasyon, sa pamamagitan ng telebisyon.

59 Ngayon, ang telebisyon ay hindi gumagawa ng larawan. Ang telebisyon ay pinadadaloy lamang ito sa isang sirketo, at pagkatapos sinasalo 'yun ng screen ng telebisyon. Nguni't ang larawan ay naroon na, sa umpisa pa lang. Narito na ang telebisyon nang narito si Adan. Narito na ang telebisyon nang naroon si Elias sa Bundok ng Carmel. Narito na ang telebisyon nang lumakad si Jesus na taga-Nazaret sa mga pampang ng Galilea. Ngunit ngayon n'yo lamang natutuklasan ito. Maaaring hindi nila paniniwalaan iyon nang mga panahong iyon. Maaaring ika'y nasisiraan na ng ulo kung sinabi mo ang bagay na kagaya niyon. Subali't sa ngayon naging realidad na ito.

At ganoon din ito, na si Cristo ay naririto, ang mga Anghel ng Dios ay naririto. At balang araw, sa dakilang Milenyum na darating, ito'y sadyang magiging mas totoo kaysa sa telebisyon o ano pa mang bagay, sapagka't sila'y naririto.

60 Ipinapahayag Niya ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang dakilang anyo na ipinahayag Niya, habang Kaniyang ini-*en morphe* ang Kaniyang Sarili sa mga lingkod Niya at pinatutunayan ang Kaniyang Sarili.

61 Ngayon, heto Siya sa anyong Espiritu. At pagkatapos darating Siya sa anyo ng isang . . . ng *en morphe*. Ngayon, nagpakita Siya kay Abraham, *en morphe*. Nang pabalik na si Abraham galing sa pagpatay sa mga hari, naritong dumarating si Melquisedec, nakipag-usap sa Kaniya.

62 Nang isang araw sa diyaryo ng Tucson, binabasa ko ang isang artikulo kung saan may isang—isang babae na nagmamaneho sa daan, sa palagay ko mga apatnapu, limampung milya kada oras, at nabunggo niya ang isang matandang lalaki na nakasuot ng overcoat. Humiyaw siya at inihinto ang kaniyang kotse. Inihagis niyon sa ere ang lalaki. Doon mismo sa patag na disyerto! At tumakbo siya pabalik para hanapin ang lalaki, at wala ito roon. Kaya't ano ang ginawa niya? Nakitang nangyari 'yun ng ilang tao na kasunod niya, nakita ang matandang lalaki na tumilapon sa ere, at pumipihit ang overcoat nito. Kaya tumakbo sila pabalik para alamin iyon. Hindi na nila mahanap ang lalaki kahit saan. Tinawag nila ang pulisya. Dumating ang mga pulis para siyasatin ang lugar; walang sinumang naroon.

63 Buweno, tumestigo ang bawa't isa sa kanila, "Kumalabog ang kotse, tinamaan ang mama. Tumilapon siya sa ere, at nakita

'yun ng lahat." Mga saksi, at dalawa o tatlong sasakyang puno sa kanila, nakita nila itong nangyari. Napag-alaman, limang taon na ang nakararaan, may isang matandang lalaki na naka-overcoat, nasagasaan at namatay sa lugar ding 'yon.

Kapag lumisan ka dito, hindi ka patay. Kailangan mong bumalik, maging isa ka mang makasalanan, at mahatulan ayon sa mga gawang ginawa sa katawan. "Kung masira ang panlupang tabernakulong ito, may isang naghihintay sa atin." *En morphe*, iyan ang salita.

64 Ngayon, ang Dios, sa yugtong ito ng . . . Ito'y ang yugtong ito ng Kaniyang paglikha, na di kalaunan ay nagsa-laman, si Jesus. Mula sa ano? Mula sa dakilang pasimula, Espiritu, pagkatapos bumaba upang maging ang Salita, inihahayag ang sarili Nito. Ang Salita ay hindi pa ibinubuo ang Sarili nito, binigkas lamang ito, *en morphe*, pagkatapos Siya ay nagkatawang-tao, si Jesus, mortal, upang matikman ang kamatayan para sa ating lahat na mga makasalanan.

65 Nang makatagpo Siya ni Abraham, Siya ay si Melquisedec. Inihahayag Niya rito kung ano ang gagawin ng lahat ng mga katangian sa pinakadulo, bawa't anak ni Abraham. Bawa't anak ng Pananampalataya ay tiyak na ganoon din ang gagawin. Subali't gusto kong tingnan kung paano tayo darating sa ganoon.

66 Ganoon din, nakikita natin Siyang naihayag rito kay Ruth at—at Boaz, bilang isang Manunubos na Pinakamalapit na Kamag-anak, kung paano kinailangan Siyang dumating upang maging laman.

67 Ngayon nakikita natin ang katangian, mga anak ng Kaniyang Espiritu, hindi pa nakapasok sa anyong-Salita na katawan. Kundi, isang theophany; ang katawang ito ay nakapasailalim sa Salita at garantiya, naghihintay para sa garantiya, pagbabago ng katawan.

68 Ngayon, ang kaibhan sa pagitan Niya at ikaw, bilang isang anak. Kita n'yo, Siya noon, sa pasimula, ang Salita, isang *en morphe* na katawan. Pumasok Siya roon at nanahan doon, sa Persona ni Melquisedec. Pagkatapos, kasunod niyon, wala na tayong narinig pa tungkol kay Melquisedec, dahil sa Siya ay naging si Jesus Cristo na. Si Melquisedec noon ang Saserdote, subali't Siya ay naging si Jesus Cristo. Ngayon, nilampasan mo 'yan. Dahil sa, sa anyong 'yon, alam Niya ang lahat ng bagay, at hindi mo pa nalalaman 'yun.

Dumating kang gaya ni Adan, gaya ko, ikaw ay naging mula sa katangian patungo sa laman, upang matukso. Nguni't kapag ang buhay na ito ay tapos na rito, "Kung masira na ang panlupang tabernakulong ito, may isa nang naghihintay para sa atin." Doon tayo patungo; 'yan ang Salita. Kung magkagayon maaari tayong lumingon pabalik at tingnan kung ano ang

nagawa natin. Hindi natin ito maunawaan ngayon. Hindi pa tayo kailanman naging ang Salita; naging katawang-tao lamang tayo, hindi Salita.

69 Nguni't, at tingnan, malinaw na ipinauunawa nito, hinding-hindi ka magiging ang Salita malibang ikaw ay isang kaisipan sa pasimula. Pinatutunayan niyan ang pagkakatalaga ng Dios. Kita n'yo? Hindi ka maaaring maging ang Salita malibang ikaw ay isang kaisipan. Kailangan ngang nasa kaisipan ka, muna.

Nguni't, nakita n'yo, upang maisalang sa pagtukso, kinailangan mong lampasan ang theophany. Kinailangan mong bumaba rito sa laman, upang tuksuhin ng kasalanan. At kung magkaganun, kung makatagal ka, "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin, at ibabangon Ko siya sa huling mga araw." Kita n'yo. Kinailangan mo munang maging gayon.

70 At pagkatapos, nakita n'yo, tuluy-tuloy Siyang bumaba, sa regular na hanay, mula sa pagiging katangian tungo sa . . . Bago naitatag ang sanglibutan, ang pangalan niya ay inilagay sa Aklat ng Buhay ng Kordero. Pagkatapos, mula roon, Siya ay naging ang Salita, ang theophany, na maaaring lumitaw, maglaho. At pagkatapos Siya ay nagkatawang-tao at bumalik muli, binuhay na mag-uli ang katawan ding yaon sa isang niluwalhating kalalagayan.

Subali't nilampasan n'yo ang theophany at naging taong-laman, upang matukso ng kasalanan. At pagkatapos, "Kung masira na ang panlupang tabernakulong ito, may isa nang naghihintay para sa atin." Wala pa sa atin ang mga katawang iyon.

71 Subali't, masdan! Kapag tinanggap ng katawang ito ang Espiritu ng Dios, ang walang-kamatayang Buhay na nasa loob mo, ipinapasailalim nito ang katawang ito sa Dios. Hallelujah! "Ang ipinanganak ng Dios ay hindi na nagkakasala; hindi siya maaaring magkasala." Mga Taga Roma 8:1, "Ngayon nga'y wala nang anumang hatol sa mga na kay Cristo Jesus; hindi sila lumalakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu." Hayan nga kayo. Kita n'yo, ipinapasailalim niyon ang katawan n'yo.

Hindi n'yo kailangang sabihin, "Oh, kung maihihinto ko lang ang pag-inom! Kung makakaya ko lang . . ." Pumasok ka lang kay Cristo, at wala nang lahat iyon, kita n'yo, kita n'yo, dahil sa ang katawan n'yo ay nakapasailalim na sa Espiritu. Hindi na ito nakapasailalim sa mga bagay ng sanglibutan; patay na ang mga 'yun. Patay na ang mga iyon; ang mga kasalanan mo ay inilibing na sa bautismo, at isa ka nang bagong nilalang kay Cristo. At ang katawan mo, ay nagiging sakop ng Espiritu, nagsisikap ipamuhay ang tamang uri ng buhay.

72 Kagaya ninyong mga kababaihan na nag-aangkin na taglay ninyo ang Espiritu Santo, at lumalabas dito at nagsusuot ng mga shorts at bagay-bagay, paano n'yong magagawa ito? Papaano

kayo hahayaan ng Espiritu ng Dios na nasasa inyo na gawin ang ganiyang bagay? Sadyang hindi 'yun maaaring magkagayon. Tiyak, hindi 'yun maaari. Hindi Siya espiritung mahalay; Siya ay Espiritung banal.

73 At pagkatapos kapag kayo ay nakapasailalim na sa Espiritung iyon, ipapasailalim niyon ang buong katauhan n'yo sa Espiritung iyon. At ang Espiritung iyon ay wala ng iba pa kundi itong Binhing Salita na nahayag, o nabuhay, hallelujah, binuhay. At kapag sinabi ng Biblia, "Huwag mong gawin ang *ganito*," kaagad na sumusunod ang katawang 'yan Dito. Wala nang pagtatanong.

At ano ito? Ito ang garantiya ng pagkabuhay na mag-uli. Babanguning muli ang katawang ito, dahil sa nagpasimula na ito. Dati itong nakapasailalim sa kasalanan, at putik at kabulukan, subali't ngayon ay taglay na nito ang garantiya; naging Makalangit na ito. Ngayon, 'yan ang garantiya na kabilang ka na sa Pag-agaw. Ito ang garantiya.

74 Ang isang taong maysakit, naghihingalo, wala nang natitira pa kundi kamatayan; 'yun na lang ang puwedeng mangyari. Nakakita na ako ng mga anino ng mga tao, nilamon na ng kanser at tuberkulosis; at nakita silang mga tao, ilang panahon lang pagkatapos niyon, lubos nang magaling at malakas. Kung walang Makalangit na kagalingan, kung ganoon walang pagkabuhay na mag-uli, 'pagkat ang Makalangit na kagalingan ang garantiya ng pagkabuhay na mag-uli. Amen!

75 Alam n'yo kung ano ang paunang-pera, hindi ba? Iyon ang paunang-bayad. "Siya ay nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang; sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay pinagaling tayo." Pansinin kung gaanong kahanga-hanga! Mahal natin Siya.

76 Ngayon, ang katawang ito ay nakapasailalim sa Espiritu. Hindi pa nakapasok sa anyong Salita, kundi tayo ay nasa anyong laman pa rin, subali't nakapasakop sa Salita. Ang kamatayan sa laman ay dadalhin tayo doon.

77 Sadyang ganunding bagay, isipin na lang ang isang munting bata. Maaari mong ihalimbawa ang isang babae, gaano man siya kasama, kapag siya ay buntis at malapit nang maging ina. Masdan, bago mailuwal ang sanggol na iyon, walang anuman sa akin kahit gaano pa kasama ang babae, siya ay talagang bumabait. May kung anong bagay sa kaniyang tono. . . tila maka-Dios, na makita ang isang munting ina na malapit nang maging ina, dahil sa sanggol. Bakit ganun? Ang munting katawang iyon, ngayon, hindi pa 'yun buhay, kita n'yo, 'yun lamang ay laman at mga kalamnan. Ang munting lumulukso na iyon, mga kalamnan lamang iyon na bigla-biglang gumagalaw. Subali't kapag 'yon ay lumabas mula sa sinapupunan, hinihingahan iyon ng Dios ng hininga ng

buhay, at pagkatapos siya ay iiyak. Kita n'yo, kung paanong—tiyak na tiyak na may natural na katawan na nahuhubog, may espirituwal na katawan na tatanggap rito pagkalabas na pagkalabas nito rito.

78 Kung gayon, kapag ang isang tao ay ipinanganak na muli, mula sa Langit, siya ay nagiging isang espiritu na sanggol kay Cristo.

At, pagkatapos, kapag ang balabal ng laman na ito ay nahimlay, may isang natural na katawan, theophany, isang katawan na hindi ginawa ng mga kamay, ni ipinanganak man ng babae, na patutunguhan natin.

Pagkatapos ang katawang iyon ay babalik at kukunin ang niluwalhating katawan.

Iyon ang dahilan na nagtungo sa impiyerno si Jesus noong Siya ay namatay, at nangaral sa mga kaluluwa na nangasa bilangguan; bumalik sa theophany na iyon. Oh, kamangha-mangha! Salamat sa Dios!

79 Ikalawang Corinto 5:1, "Kung ang makalupang katawan na ito ay masira, ang panlupang tabernakulo na ito, may isa pa tayo." Kita n'yo, nilampasan natin 'yon, na diretso magmula sa Dios, ang katangian; upang maging laman, upang tuksuhin at subukin ng kasalanan, na gaya naman ni Adan. Subali't kapag tapos na ang pagsubok ng Kaniyang Salita, kung ganoon tayo ay dadalhin paitaas sa katawang ito na inihanda para sa atin bago pa maitatag ang sanglibutan. Iyon ang Salita roon na ating nilaktawan, upang mapunta, sa dakong ito upang tuksuhin at subukin. Kung dumaan tayo roon, wala sanang panunukso; alam sana natin ang lahat ng bagay. Iyan ang dahilan na alam ni Jesus ang lahat ng bagay, 'pagkat Siya ay Salita na bago pa Siya nagkatawang-tao. Pagkatapos tayo ay magiging ang Salita.

80 Dito tayo ay hinuhubog sa larawan ng Salita, upang maging kabahagi ng Salita, kumain sa Salita, bilang itinalaga na sa pasimula pa; nakikita mo 'yung munting siklab ng Buhay na nasa sa iyo buhat nang pasimula pa, nang magpasimula ka sa iyong paglalakbay. Marami sa inyo ang maaalaala ito. Umanib ka sa *ganitong* iglesya at umanib sa *ganoong* iglesya, susubukan mo *ito* at *iyon*; walang nakapagbigay ng kasiyahan. Tama 'yon. Subali't isang araw napagtanto mo na lamang Iyon. Tama.

81 Noong isang gabi nagtuturo ako sa isang dako, sa palagay ko iyon ay sa dakong California o Arizona, mga . . . Sa pakiwari ko'y naikuwento ko na rito ang munting kuwento, tungkol sa isang lalaki na pinapahalimhim ang isang inahin at pinalimliman ang isang itlog ng agila rito. At nang mapisa ang agilang yaon, siya ang pinakakatawa-tawang ibon na nakita kailanman ng mga manok na iyon. Subali't, nakisama siya sa kanila. Siya ang—siya ang pangit sa gitna nila, dahil sa sadyang di niya maunawaan kung papaanong kukurok ang inahin at kakahig sa bunton ng

pataba at tutuka. Hindi niya iyon maunawaan. Sasabihin nito, "Halika rito at magpista, giliw!" Subali't, siya ay agila; sadyang hindi siya ganun kumain. Hindi iyon ang pagkain niya.

82 Kaya't huhuli ito ng mga tipaklong at kung anu-ano pa, alam n'yo na, at tatawagin ang mga sisiw. At lahat silang mga sisiw ay paroroon, sasamang kukurok, at kakain. Subali't sadyang hindi iyon magawa ng inakay na agila. Iyon ay hindi—hindi tama sa paningin niya.

Kaya't isang araw dumating na naghahanap sa kaniya ang nanay niya.

83 At maririnig niya ang inahin na iyon na kumukurok. Susubukan niya ang lahat ng makakaya niya para kumurok, subali't hindi niya 'yon magawa. Sinubukan niyang sumiyap na gaya ng manok, subali't hindi niya 'yon magawa. Kita n'yo, siya ay agila. Siya, sa simula pa man, siya ay agila. Napisa lang siya sa limlim ng inahing manok.

Katulad 'yan ng ilang mga miyembro ng iglesya. Bawa't . . . Sadyang ganun nga iyon; mga isa lang sa mga pangyayari, ang tama.

84 Subali't isang araw ay lumipad doon ang inay niya, at sumigaw ito. Nakilala niya iyon. Tama iyon sa pakinig. Bakit? Siya ay isang agila, sa simula pa man.

Ganoon din iyon sa Ebanghelyo, o sa Salita, o sa Kapangyarihan ni Jesus Cristo. Kapag ang isang tao ay itinalaga na sa Buhay na Walang-hanggan, naririnig niya ang tunay na tunog, ang sigaw ng Dios, walang anupamang bagay ang makapipigil sa kaniya Dito.

Maaaring sabihin ng iglesya, "Lipas na ang mga panahon ng himala," kurok, kurok, kurok. "Tumindig ka rito't kainin *ito*, at tumindig ka rito't kainin *iyon*."

85 Hindi uubra ang mga pang-kamalig na bagay para sa kaniya, hindi na. Wala na siya! "Lahat ng mga bagay ay posible!" Umaangat na siya mula sa lupa.

Kaya nga, ang nangyayari sa napakaraming mga Cristiano sa ngayon, hindi nila kayang iangat ang mga paa nila mula sa lupa.

Sinabi ng matandang ina, "Anak, lumukso ka! Isa kang agila. Lumipad ka dito kung saan ako naroon."

Wika n'ya, "Inay, hindi pa ako nakalukso kailanman, sa buong buhay ko."

86 Sabi niya, "Buweno, lumukso ka! Agila ka na, noon pa man. Hindi ka manok." Kaya't lumundag siya sa unang pagkakataon at ikinampay ang mga pakpak niya; di-gaanong umubra, subali't umangat siya sa lupa.

Ganiyan ang ginagawa natin. Tinatanggap natin ang Dios sa pamamagitan ng pananampalataya, sa pamamagitan ng

nakatitik na Salita. May bagay roon, 'yun ang Walang-hanggang Buhay na iyon. Itinalaga kayo rito.

87 Ang lolo't lola niya ay mga agila. Siya ay agila, buhat pa noong simula. Hindi nakikihalo ang agila sa iba pa mang bagay. Hindi siya hybrid; hindi. Siya ay agila.

88 Pagkatapos, makaraang mapagkilala mo na ang mismong Salita ng Dios ay Pagkain ng Agila, kung ganoon ay iniwan mo na 'yung iba pang bagay. Ikaw kung gayon ay naanyuan na na isang buhay na larawan ng buhay na Dios. Nakarinig ka mula sa iyong theophany. "Kung ang panlupang katawang ito ay masira, may isang naghihintay para sa atin."

Sasabihin mo, "Tama ba 'yan, Kapatid na Branham?"

Buweno, talakayin natin ang ilang mga agila at tunghayan sila sa ilang minuto. May isang pangalan, isang lalaking nagngangalang Moises. Alam ng lahat na ang isang propeta ay tinatawag na agila, sa Biblia.

89 May isang propetang nagngangalang Moises. At isang araw tinawag siya ng Dios, at hindi siya pinahintulutang magtungo sa lupain, at siya—siya ay namatay sa isang Bato. Kinuha siya ng Mga Anghel at siya'y inilibing.

May isa pang lalaki, isang agila, ni hindi kinailangang mamatay. Lumakad lamang siya patawid ng Jordan, at nagpadala ang Dios ng isang karwahe; at hinubad niya ang balabal na ito ng laman, at pumailanlang at nakamit ang walang-hanggang gantimpala.

Pagkaraan ng walong daang taon, pagkaraan ng walong daang taon, sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, naritong nakatayo ang dalawang lalaking iyon. Naagnas na ang katawan ni Moises sa loob ng daan-daang taon, nguni't narito siya sa isang anyo na maging sina Pedro, Santiago, at Juan ay nakilala siya. Amen! "Kung ang panlupang tabernakulong ito ay masira," kung ikaw ay isang katangian ng Dios na nahayag dito sa lupa, "may katawan kang naghihintay pagkatapos mong lisanin ang sanglibutang ito." Naroon sila, nakatayo sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, sa kanilang theophany. Sapagka't sila'y mga propeta na dinaratnan ng Salita.

90 Ganundin pansinin natin ang isa pang propeta, minsan, sa pangalang Samuel. Siya ay isang dakilang tao. Pinangaralan niya ang Israel; sinabi sa kanilang hindi sila dapat magkaroon ng hari. Sabi niya, "May sinabi na ba akong isang bagay sa inyo sa Pangalan ng Panginoon na hindi naganap?"

Sabi nila, "Wala. Lahat ng sinabi mo palagi sa Pangalan ng Panginoon ay nangyayari."

Isa siyang propeta, at siya'y namatay.

91 Mga tatlo o apat na taon ang lumipas, nagkaproblema ang hari; 'yun ay bago pa man maibubo ang Dugo ni Jesus Cristo.

Nasa paraiso siya. At nagtawag ang isang mangkukulam na taga-Endor para padatingin ang isang tao, at aliwin si Saul. At nang makita siya ng mangkukulam na tumitindig, sinabi nito, "Nakikita ko ang dios na umaahon mula sa lupa."

92 At matapos na mamatay na ang taong iyon, nailibing, at nabulok na sa libingan, heto siya't nakatayo roon sa yungib na iyon, na suot ang kaniyang balabal ng pagka-propeta; at propeta pa rin, amen, sapagka't sinabi niya, "Bakit mo ako tinawag mula sa aking pamamahinga, gayong ikaw ay naging kaaway na ng Dios?" Masdan ninyo siyang nagpropropesiya. "Bukas ng gabi, sa ganitong oras, ay makakasama kita." Propeta pa rin siya, bagama't wala na siya sa katawang ito.

Kita n'yo, siya ay naparito at naging bahagi ng Salitang iyon, at pumasok siya mula sa buhay-laman pabalik sa katawan na inihanda para sa kaniya bago pa naitatag ang sanglibutan. Pumasok siya sa theophany, na siyang Salita. Naunawaan n'yo? Doon lahat nagtutungo ang mga mananampalataya kapag lumisan tayo dito.

93 Kung magkagayon, sa anyong iyon, ang tabing pagkatapos ay tinanggal na. Kita n'yo, kayo'y Salita, din naman, kapag kayo'y pumasok na roon. Katulad ng isang munting sanggol; gaya ng sinabi ko kani-kanina lang . . .

94 Ngayon pansinin. Purihin ang Dios para sa pagbubukas ng Mga Tatak na ito, ang panalangin ko, para malaman ang mga bagay na ito!

95 Ngayon ang tunay na kapahayagan tungkol kay Melquisedec ay matutunghayan na. Ano? Siya ang Dios, ang Salita, bago pa Siya nagkatawang-tao; ang Dios, ang Salita. Dahil, kinailangan Siyang maging ganoon; wala ng iba pang walang kamatayang tulad Niya. Kita n'yo, may tatay at nanay ako; kayo'y mayroon, din naman. Si Jesus ay may tatay at nanay. "Subali't ang Taong ito ay walang ama, o walang ina." May panahon si Jesus na nagpasimula Siya; ang Taong ito ay wala. Ibinigay ni Jesus ang Kaniyang buhay; hindi iyon maaaring gawin ng Taong ito, dahil Siya ang Buhay. At iisa lang ang Taong ito sa lahat ng pagkakataon. Sana ay ipahayag ito ng Dios sa inyo. Ang gayunding iisang Persona, lagi-lagi.

96 Pansinin ang Kaniyang titulo, "Hari ng katuwiran." Ngayon, Mga Hebreo 7:2, "Hari ng katuwiran, at Hari ng kapayapaan." Dalawang hari Siya. Ngayon tunghayan, Mga Hebreo 7:2, "Hari ng katuwiran, gayundin na Hari ng kapayapaan." Dalawang hari Siya roon. Ngayon dahil nagkatawang-tao Siya at tinanggap ang Kaniyang katawan sa itaas, sa Apocalipsis 21:16, Siya ay tinawag na, "Ang Hari ng mga hari." Siya lahat ang tatlong iyon, lahat-lahat. Kita n'yo, Haring Dios, Haring Theophany, Haring Jesus. "Siya ang Hari ng mga hari."

Ang lahat ay nagkalakip-lakip na, gaya ng kaluluwa, katawan, at espiritu, lahat ay nagkakalakip-lakip upang maging isa.

97 Gayundin, Siya ang Ama, na siyang una; Anak; at Espiritu Santo, ang Espiritu.

"Hari ng katuwiran," ang katangiang Espiritu; theophany, "Hari ng—ng kapayapaan," theophany; at sa laman Siya ay "Hari ng mga hari," iisang Persona.

98 Nang ang theophany, nakita Siya ni Moises, Exodo 33:2, Siya noon ay isang theophany. Ninais na makita ni Moises ang Dios. Narinig na niya ang Kaniyang tinig, narinig Siyang nakipag-usap sa kaniya, nakita Siya sa isang palumpong roon, bilang isang malaking Haliging Apoy. At sinabi niya, "Sino po Kayo? Nais ko pong makilala kung Sino Kayo." Sinabi ni Moises. "Ilalagay ko. . . " "Kung pahihintulutan Mo po akong makita Kayo, nais ko pong makita ang Iyong mukha."

99 Sinabi Niya, "Walang taong makakakita sa Aking mukha." Sabi Niya, "Tatakpan Ko ng Aking kamay ang iyong mga mata, at Ako'y daraan. At makikita mo ang likuran Ko, nguni't hindi ang Aking mukha." Kita n'yo? At nang ginawa nga Niya, likuran 'yun ng isang Tao; iyon ay isang theophany. Nang magkagayon ang Salita na dumating kay Moises, "AKO NGA," iyon ang Salita. Dumating ang Salita kay Moises sa anyong Haliging Apoy sa isang nagniningas na palumpong, ang "AKO NGA."

100 Bilang ang Salita mula sa teolohiya. . . mula sa theophany, pala. Ipagpaumanhin n'yo. Dumating Siya kay Abraham bilang isang Tao, sa ilalim ng punong encina. Ngayon tunghayan doon. Dumating ang isang Lalaki kay Abraham, tatlo sila, at naupo sa ilalim ng isang punong encina, tatlo sila. At pansinin, matapos Siyang nakipag-usap kay Abraham. . .

101 Bakit Siya dumating? Si Abraham, bilang siyang nagtataglay ng pangako at ng mensahe ng darating na anak, at gayundin ay siya ang propetang-Salita ng Dios na nagtitiwala sa Salita ng Dios, tinatawag ang mga bagay na salungat na tila ba hindi. Nakita n'yo kung gaano kasakdal ang Salita? Ang Salita ay dumating sa propeta. Kita n'yo, naroon ang Dios sa isang theophany. At sinabi ng Biblia, "Ang Salita ay dumarating sa propeta." At narito ang—ang Salita na nasa theophany.

Ngayon sasabihin mo, "Ang Dios ba iyon?"

102 Sinabi ni Abraham na iyon nga. Sinabi niya na ang Kaniyang pangalan, ay, tinawag niya Siyang Elohim. Ngayon sa Genesis 1, masusumpungan mo, "Nang pasimula ay nilikha ni *Elohim* ang mga langit at lupa." Sa Genesis 18, masusumpungan natin na—na tinawag ni Abraham ang Personang ito. . . na naupo roon at nakipag-usap sa kaniya, at makapagsasaysay sa kaniya ng mga lihim ng kaniyang puso, nasasabi sa kaniya kung ano ang

iniisip ni Sara sa likuran Niya. Sinabi ni Abraham, "Iyon si Elohim." Siya ay nasa anyo na theophany. Nauunawaan n'yo ba ito? Pansinin matapos . . .

103 Ngayon nalalaman natin na nasa anyong theophany Siya noon. Tinawag niya Siyang, "Panginoong Dios, Elohim." Ngayon, sa Genesis 18, nalalaman natin na tama 'yan.

104 Ngayon ay pansinin si Abraham. Tatlo sila na magkakasama, subali't nang makatagpo ni Abraham ang tatlong iyon, sabi niya, "Panginoon ko."

Subali't nang si Lot, doon sa dakong Sodoma; dalawa sa kanila ang nagtungo roon, at nakita ni Lot ang dalawa sa kanila na paparating, at sinabi niya, "Mga panginoon ko." Kita n'yo, ano ang nangyari? Unang-una na, hindi propeta si Lot, tama 'yan, o ni hindi siya ang mensahero nang oras na iyon, kaya't wala siyang anumang kapahayagan tungkol sa Kaniya. Talagang tama 'yan. Matatawag sila ni Lot na "mga panginoon." Isang dosena sa kanila, maaaring sinabi pa rin niya, "mga panginoon."

Subali't gaano man karami ang nakita ni Abraham, Iyon pa rin ay nag-iisang Panginoon. Hayun ang Dios. Ito ang Melquisedec.

105 Pansinin, matapos ang pakikipaglaban, binahaginan ni Melquisedec ang matagumpay niyang anak ng komunyon; isipin 'yon, bahagi ng Kaniyang Sarili! Ngayon nais nating makita rito. Ang tipo rito ay, na hayag sa paningin, ang komunyon. Matapos ang pakikipaglaban, ibinahagi Niya ang Kaniyang Sarili, sapagka't ang komunyon ay bahagi ni Cristo. At pagkatapos ng pagpupunyagi, matapos kang mabanatan nang husto, saka ka nang makikibahagi kay Cristo, magiging bahagi na ng Katauhang ito. Nauunawaan n'yo?

106 Nakipagbuno si Jacob magdamag, at hindi Siya pinakawalan hangga't hindi Niya siya binasbasan. Tama 'yan. Nakipagbuno para sa Buhay! At matapos ang pakikipagbaka, pagkatapos ay binabahaginan ka ng Dios ng Kaniyang Sarili. Iyan ang tunay Niyang komunyon. Ang maliit na tinapay at wafer ay kumakatawan lamang Rito. Hindi mo ito dapat na kunin 'libang nakipagbuno ka na at naging bahagi ng Dios.

107 Alalahanin, nang panahong ito, hindi pa kailanman naisagawa ang komunyon, hindi pa hanggang sa bago ang kamatayan ni Jesus Cristo, pagkalipas pa ng daan-daang mga taon.

108 Subali't si Melquisedec, matapos na managumpay ang Kaniyang anak na si Abraham, sinalubong siya ni Melquisedec at binigyan siya ng alak at tinapay; nagpapakita na pagkatapos ng pakikipagbaka sa lupang ito, sasalubungin natin Siya sa mga kalangitan at makikibahagi muli sa komunyon. Iyon ang Hapunan ng Kasalan. "Hindi na Ako iinom ng ubas, o kakain

ng bunga, hanggang sa kainin Ko ito at inumin ito kasalo kayo, nang panibago, sa Kaharian ng Aking Ama." Tama ba 'yon?

109 Pansining muli, sinalubong ni Melquisedec si Abraham bago siya umuwi. Anong gandang tipo nito na mayroon tayo rito! Si Melquisedec na sinasalubong si Abraham bago siya umuwi, pagkatapos ng pakikipaglaban.

Sasalubungin natin si Jesus sa papawirin, bago tayo makarating sa ating Tahanan. Tama 'yan. Sinasabi sa atin iyan ng Ikalawang Mga Taga Tesalonica, sapagka't, "sasalubungin natin Siya sa papawirin." Isang magandang tipo ni Rebeca na sinasalubong si Isaac, sa parang, sa kalamigan ng araw. "Sasalubungin natin Siya sa papawirin." Sinasabi nga iyon sa atin ng Ikalawang Mga Taga Tesalonica. "Sapagka't tayo na nangabubuhay at nangatitira ay hindi mangauuna sa ano mang paraan o makakaantala sa mga nangakatulog; sapagka't tutunog ang trumpeta ng Dios; ang mga nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na mag-uli; tayong mga nangabubuhay at nangatitira ay aagawing kasama nila, upang salubungin ang Panginoon sa papawirin." Tugmang-tugma, lahat ng mga tipong ito.

110 Samakatuwid, ang theophany, kung ikaw ay namatay at pumasok na sa theophany na iyon, (ano'ng nangyayari?) ang theophany ay dumarating sa lupa upang kunin ang tinubos na katawan. At kung narito ka sa papawirin, dadalhin mo ang katawan upang salubungin ang theophany, hayan nga, "at aagawin, at sasalubungin ang Panginoon sa papawirin."

111 Sino ang Melquisedec na ito kundi ang Dios!

112 Ngayon ating nakikita nang malinaw rito ang buong lihim ng mga buhay natin sa paglalakbay, at kamatayan, at kung saan tayo tutungo pagkatapos nating mamatay. Ganundin, ang pagkakatalaga ay malinaw na nakikita rito. Ngayon pakinggan habang itinuturo natin ito, nang mabuti.

113 Ang mga hakbang ng—ng layunin Niyang Walang-hanggan na inilihim Niya ay nahayag na ngayon. Pansinin, may tatlo pa ring hakbang tungo sa kasakdalan. Tulad ng pagtutubos Niya sa sanglibutan; ganundin Niya tinutubos ang Kaniyang Iglesya. Tinutubos Niya ang mga tao sa tatlong hakbang. Ngayon masdan. Una ay ang pag-aaring-ganap, katulad ng ipinangaral ni Luther; ikalawa, pagbabanal, katulad ng ipinangaral ni Wesley; ikatlo, pagbabautismo ng Banal na Espiritu. Tama 'yan. Pagkatapos ay darating ang Pag-agaw!

114 Ngayon, ang sanglibutan, paano Niya tinubos ang sanglibutan? Ang una, kung ano ang ginawa Niya, nang magkasala ito, nilinis Niya ito sa pamamagitan ng bautismo sa tubig. Tama 'yan. Pagkatapos ipinatak Niya ang Kaniyang Dugo rito, mula sa krus, at binanal ito at tinawag itong Sariling Kaniya. At pagkatapos ano ang Kaniyang ginagawa? Gaya

nang winasak Niya ang lahat ng kamunduhan palabas sa iyo, at binago ang buong bagay sa pamamagitan ng umaapoy na bautismo ng Banal na Espiritu, babaguhin din naman Niya ang sanglibutan. At ito'y mapupugnaw sa Apoy, at aalisin ang bawa't mikrobyo, nang milyun-milyong milya pataas, lahat ng bagay ay lilinisin. At pagkatapos may isang Bagong Langit at isang Bagong Lupa, kung paanong ikaw ay bagong nilalang kay Cristo Jesus kapag nahawakan ka ng Espiritu Santo. Kita n'yo, hayan nga kayo, ang kabuuang bagay ay lubos na napakalinaw. Ang lahat ay nasa tatluhan.

115 Ang natural na kapanganakan ay nasa tatlo. Ano'ng unang nangyayari sa babaeng nanganganak? Ano'ng unang lumalabas? Tubig. Ano'ng sunod na lumalabas? Dugo. Ano ang susunod na proseso? Buhay. Tubig, dugo, espiritu.

Ano'ng nangyayari sa halaman? Nabubulok. Ano'ng nauuna? Tangkay. Ano'ng kasunod? Uhay. Ano'ng kasunod? Talukap. Pagkatapos ang butil ay lumalabas mula roon. Tatlong hakbang lamang nito, hanggang sa umabot 'yon sa butil. Sadyang tama 'yan.

116 Pinagtitibay 'yan ng Dios. Dati nang laging tama 'yan. Pinagtitibay ito ng Dios na siyang tama. Maliwanag na ipinapakita, ang itinalaga lamang ang kinikilala sa pagtubos. Naunawaan n'yo ba ito? Hayaan n'yong sabihin ko iyon muli. Ang itinalaga lamang ang kinikilala sa pagtubos. Ang mga tao ay maaaring gumagawa na parang, nag-aakalang sila nga, subali't ang tunay na pagkatubos ay yaong mga itinalaga. Dahil sa, ang mismong salitang *tubusin* ay nangangahulugang "ipanauli." Tama ba 'yon? Ang *tubusin* ay isang bagay. . . Ang *tubusin* ang anumang bagay, ay, "ipanauli ito sa dati nitong lugar." Hallelujah! Kaya't ang mga itinalaga lamang ang siyang ipananauli, dahil ang iba ay hindi nagmula Roon. Kita n'yo, "ipanauli!"

117 Bilang Walang-hanggan na kasama Niya, nang pasimula . . . Ang Walang-hanggang Buhay na tinaglay mo, ang kaisipan Niya kung ano ka, lamang, ninais Niyang ikaw ay. . . Ninais Niyang tumayo ako dito sa pulpito, halimbawa. Ninais Niyang maupo ka sa upuan ngayong gabi. Kung ganoon ay tinutupad natin ang Kaniyang Walang-hanggang layunin. At ang isa na yumaon na, ay dumating lamang sa lupa upang tupdin ang Kaniyang layunin. Tama ba 'yon? Buweno. Kung magkagayon, kapag ito'y tapos na, ito ay ipapanauli sa isang niluwalhating kalalagayan; ito'y nasa kahustuhan nang gulang at ibinalik na muli.

118 Hindi nakapagtatakang masabi ni Pablo, nang sila'y nagtatayo ng bloke upang pugutan siya ng ulo; sabi niya, "O kamatayan, saan naroon ang iyong tibo? O libingan, saan naroon ang iyong pananagumpay? Subali't salamat sa Dios Na Siyang

nagbibigay sa atin ng tagumpay!" Sinabi niya, "Kamatayan, sabihin mo sa akin kung saan mo ako mapapahiyaw! Libingan, sabihin mo sa akin kung paano mo ako mapipigilan! Sapagka't, ako ay isang tagapagtaglay ng Walang-hanggang Buhay." Amen! Nakilala niya ito. Kamatayan, impiyerno, libingan, walang makapipigil sa kaniya. At walang anuman na makapananakit sa atin, taglay ang Walang-hanggang Buhay! Napagtanto niyang Siya'y biniyayaan ng Walang-hanggang Buhay.

119 Tulad ng isang munting butil ng hamog. Kung napag-uunawa ko, ito'y. . . wala akong gaanong alam sa kimika. Subali't, marahil ito ang—ang pamumuo ng halumigmig o hangin. At kapag lumalamig ang gabi at dumidilim, nahuhulog iyon mula sa mga kalangitan at bumabagsak sa lupa. Nahulog iyon mula sa kung saan. Subali't kinabukasan bago sumikat ang araw, iyon ay nakahimlay roon, ang munting bagay, nanginginig. Subali't hayaan lamang na sumikat ang araw, masdan iyong kumislap. Masaya 'yon. Bakit? Tatawagin iyon ng araw pabalik kung saan iyon galing.

At ganoon sa isang Cristiano. Hallelujah! Alam nating kapag tayo ay lumalakad sa Presensya ng Dios, may bagay sa loob natin na nagsasabi sa ating nagmula tayo sa kung saan man, at babalik tayong muli sa pamamagitan ng Kapangyarihang iyon na humahatak sa atin.

120 Ang munting butil ng hamog, kumikinang siya at kumikislap at sumisigaw, dahil sa alam niyang nagmula siya sa itaas roon, at kukunin siyang muli ng araw na iyon pabalik doon sa itaas.

At ang tao na isang katangian ng Dios, ipinanganak ng Dios, ay nalalaman, hallelujah, kapag nakaugnay niya ang Anak ng Dios, siya ay kukunin paitaas mula rito balang araw. "Sapagka't kung Ako ay maitaas na mula sa lupa, palalapitin Ko ang lahat ng mga tao sa Akin." Amen!

121 Ngayon pansinin, ngayon, nakikita natin si Melquisedec at kung bakit hindi Niya ina si Maria. Iyon ang dahilan na tinawag Niya siyang "babae," hindi *nanay*. "Wala Siyang ama," dahil Siya ang Ama, ang walang-hanggang Ama, ang tatlo sa Iisa. "Wala Siyang ina," wala talaga. Wala Siyang ama, sapagka't Siya ang Ama. Kagaya ng sinabi ng makata minsan, nangungusap ng isang dakilang papuri kay Jesus, sinabi niya:

AKO NGA ang nakipag-usap kay Moises sa nagniningas na palumpong ng apoy,
AKO NGA ang Dios ni Abraham, ang Maningning na Tala sa Umaga.
AKO NGA ang Alpha, Omega, ang pasimula mula sa wakas.
AKO NGA ang buong sangnilikha, at Jesus ang Pangalan. (Tama 'yon.)

Oh, ano ang sinasabi n'yo kung sino Ako,
at ano ang sinasabi nila kung saan Ako nagmula,
Kilala ba ninyo ang Aking Ama, o masasabi ba
ninyo ang Pangalan Niya? (Hallelujah!)

122 Iyon ang Pangalan ng Ama! Oo, "Naparito Ako sa Pangalan ng Aking Ama, at hindi ninyo Ako tinanggap." Kita n'yo? Siyanga, Siya ang siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailan man.

123 At ang Melquisedec na ito ay nagkatawang-tao. Ipinahayag Niya ang Kaniyang Sarili bilang Anak ng tao noong naparito Siya, bilang isang Propeta. Dumating Siya sa tatlong pangalan ng pagka-Anak; ang Anak ng tao, ang Anak ng Dios, ang Anak ni David.

124 Nang narito Siya sa lupa, Siya ay isang Tao, upang tuparin ang Kasulatan. Sinabi ni Moises, "Ang Panginoon ninyong Dios ay palilitawin ang isang Propetang gaya ko." Kaya kailangan nga Siyang dumating bilang isang Propeta. Hindi Niya, sinabi kailanman, "Ako ang Anak ng Dios." Sabi Niya, "Ako ang Anak ng tao. Sinasampalatayanan ba ninyo ang Anak ng tao?" Dahil sa, iyon ang dapat Niyang ipatotoo, dahil ganoon Siya.

Ngayon ay dumating Siya sa isa pang Pangalan ng anak, Anak ng Dios; ang hindi nakikita, ang Espiritu.

At kapag dumating Siyang muli, Siya ay Anak ni David, upang lumuklok sa Kaniyang trono.

125 Ngayon nang narito Siya at nagkatawang-tao, tinawag Siyang, "Anak ng tao." Ngayon, paano Niyang ipinakilala ang Kaniyang Sarili sa sanglibutan bilang Anak ng tao, ang Propeta?

126 Isang araw nagkukuwento ako tungkol kay Pedro at Andres, ang kaniyang kapatid. Sila'y mga mangingisda, at ang ama nila na si Jonas ay isang dakilang matandang mananampalataya. Isang araw sabi nila naupo siya sa gilid ng bangka. Sabi niya, "Mga anak, alam n'yo kung paanong nanalangin tayo nang nangailangan tayo ng isda." Mga mangingisda silang mangangalakal. Sabi niya, "Nagtiwala tayo sa Dios, si Jehovah, para sa ikabubuhay natin. At tumatanda na ako ngayon; hindi na ako makapananatili nang matagal na kasama n'yo mga bata. At ako sa tuwina'y, gaya ng mga tunay na mananampalataya, ay naghintay para sa panahon na ang Mesiyas ay darating na. Dumating na sa atin ang lahat ng uri ng mga huwad, subali't may darating na Isang tunay, balang araw." At sinabi niya, "Kapag dumating ang Mesiyas na ito, ayaw kong kayong mga anak ko ay malinlang. Ang Mesiyas na ito ay hindi lamang basta teologo. Siya ay magiging Propeta, dahil ang propeta nating si Moises, na siya nating sinusundan, sinabi niya."

Ngayon, paniniwalaan ng sinumang Hudyo ang kaniyang propeta. Tinuruan siya para malaman ’yun. At kapag sinabi ng propeta ang anumang bagay na gayon nga, kung ganoon ’yon ang katotohanan. Subali’t sinabi ng Dios, “Kung may isa sa gitna ninyo, espirituwal, o isang propeta, Akong Panginoon ay ihahayag ang Aking Sarili sa kaniya. At ang sinasabi niya ay nangyayari, kung gayo’y dinggin ninyo siya at katakutan siya; ngunit kung hindi ito nangyayari, kung gayo’y huwag ninyo siyang katakutan man lang.” Kita n’yo? Kaya’t ’yan nga ang—ang pagpapatibay sa propeta.

127 “Kaya si Moises ay isang tunay na pinagtibay na propeta, at sinabi niya, ‘Ang Panginoon ninyong Dios ay palilitawin, sa gitna ninyo, mula sa mga kapatid ninyo, ang isang Propetang gaya ko. At lahat ng hindi dirinig sa kaniya ay itatakwil sa bayan.’” Sabi niya, “Ngayon, mga anak, tandaan, na, bilang mga Hebreo, pinaniniwalaan natin ang mga pinagtibay na propeta ng Dios.”

Ngayon makinig nang mabuti. Huwag n’yo itong palampasin. At sinabi niya, “Pagdating ng Mesiyas, makikilala n’yo Siya, sapagka’t Siya’y magiging Propetang-Mesiyas. Ngayon, sinasabi nilang apat na raang taon na. Wala pang dumating sa atin na propeta mula noong kay Malakias, subali’t darating siya!”

128 Isang araw, pagkatapos ng kaniyang pagpanaw, ilang taon, ang anak niyang si Andres ay naglalakad-lakad sa gilid ng pampang. At narinig niya ang isang mailap na taong mula sa ilang, nagsasabing, “Ang Mesiyas na iyon ay nakatayo sa gitna ninyo ngayon!” Ang malaking agilang iyon na pumailanlang mula sa ilang at lumipad roon, ay nagsabi, “Ang Mesiyas ay nasa gitna ninyo ngayon. Hindi pa natin Siya nakikilala, subali’t Siya’y nakatayo sa gitna ninyo. Makikilala ko Siya, dahil makikita ko ang isang tanda na magmumula sa Langit.”

Isang araw sinabi niya, “Heto, narito, ang Kordero ng Dios na nag-aalis ng kasalanan ng sanglibutan!”

Palayong humayo ang. . .humayo ang taong ito, para hanapin ang kapatid niya. Sabi niya, “Simon, nais kong pumarito ka, natagpuan na namin ang Mesiyas.”

“Oh, sige lang, Andres! Mas alam mo naman ang tungkol diyan!”

“Oh, alam ko. Nguni’t, iyon, ang Taong ito ay kakaiba.”

“Nasaan Siya? Saan Siya nagmula?”

“Si Jesus na taga-Nazaret.”

“Yaong maliit, na masamang siyudad? Aba, hindi Siya maaaring manggaling sa isang masama’t, maduming lugar na gaya niyaon.”

“Sumama ka na lang at tingnan.”

129 Sa wakas ay nahikayat siyang sumama isang araw. Kaya't nang napunta siya sa harapan ng Mesiyas na ito, nakatayo roon si Jesus, nangungusap sa mga tao. Nang lumapit siya sa harap Niya, sabi Niya, "Ang pangalan mo ay Simon, at ikaw ay anak ni Jonas." 'Yun na. Nakamit niya ang mga susi sa Kaharian. Bakit? Alam niya na hindi siya kilala ng Lalaking iyon. At paano Niya siyang nakilala, at ang matanda't maka-Dios na amang iyon na nagturo sa kaniya kung paano sampalatayanan ang Mesiyas?

130 May lalaking nakatayo roon, na nagngangalang Felipe. Oh, siya ay naging talagang tuwang-tuwa! May kilala siyang isa pang lalaki, nakasama niyang nag-aaral ng Biblia. Humayo siya, sa likod ng burol, at nasumpungan niya ito roon sa mga pataniman ng olibo. Nakaluhod ito, nananalangin. Nagkasama sila sa pag-aaral ng maraming mga aralin sa Biblia, kaya nagtungo siya roon. At sinabi niya, matapos itong manalangin, sabi niya, "Halika, tingnan mo kung Sino ang nasumpungan namin; si Jesus na taga-Nazaret, ang anak ni Jose. Siya ang Mesiyas na hinihintay natin."

Ngayon maririnig ko si Natanael na nagsasabi, "Ngayon, Felipe, hindi ka naman kaya lubusang nalihis na, nga ba?"

131 "Oh, hindi. Hindi. Ngayon hayaan mong sabihin ko sa 'yo. Alam mo, matagal na tayong magkasamang nag-aral ng Biblia, at ano ang sinabi ng propeta kung magiging ano ang Mesiyas?"

"Siya ay magiging isang Propeta."

"Naaalala mo 'yung matandang mangingisda na pinagbibilhan mo ng isda, na walang sapat na pinag-aralan para maisulat man lang ang pangalan niya, na nagngangalang Simon?"

"Oo. Uh-huh."

132 "Lumapit siya. At alam mo kung ano? Sinabi ng Jesus na taga-Nazaret na ito na Simon ang pangalan niya, pinalitan ang pangalan niya ng Pedro, na 'maliit na bato' at sinabi sa kaniya kung sino ang tatay niya."

"Buweno," sabi niya—sabi niya, "Ewan ko. May mabuti bang manggagaling sa Nazaret?"

133 Sabi niya, "Huwag nating pag-usapan ito; sumama ka na lang at tingnan mo." Magandang ideya 'yan, "Sumama ka at tingnan mo."

Kaya heto't paparating si Felipe, kasa-kasama si Natanael. At nang makarating siya, marahil nakatayo si Jesus, nangungusap, marahil ay nananalangin para sa maysakit sa hanay ng mga ipinananalangin. At nang makarating siya kung saan naroon si Jesus, tumingin si Jesus sa kaniya, at sinabi, "Narito ang isang Israelita na sa kaniya'y walang daya."

134 Ngayon, sasabihin mo, "Buweno, dahil 'yun sa pananamit niya." Oh, hindi. Pare-pareho ang pananamit ng mga taga-

silangan. Maaaring naging isang taga-Siria siya, o maaaring iba pa; balbas, damit.

135 Sabi niya, “Narito ang isang Israelita na sa kaniya’y walang daya,” sa ibang salita, “isang tapat, sinserong tao.”

Buweno, tila pinababang-loob niyon si Natanael. At sinabi niya, “Rabbi,” na ibig sabihin, “guro.” “Rabbi, kailan Mo ako nakilala? Paano Mong nalaman na ako’y isang Hudyo? Paano Mong nalaman na ako ay tapat, walang pandaraya?”

136 Sabi Niya, “Bago ka tawagin ni Felipe, noong nasa ilalim ka ng puno, nakita Kita.” Uh! Labinlimang milya ang layo, sa kabilang ibayo ng bayan, noong nakaraang araw.

Anong sabi niya? “Rabbi, Ikaw ang Anak ng Dios. Ikaw ang Hari ng Israel!”

137 Subali’t nakatayo roon ang mga saserdoteng yaon, mapagpanggap, pormal, ang sabi, “Beelzebub ang Taong ito, isang manghuhula.”

Sinabi ni Jesus, “Patatawarin Ko kayo sa bagay na ’yan.”

138 Ngayon, alalahanin, hindi nila ’yon sinabi sa paraang maririnig sila, subali’t sinabi nila iyon sa kanilang puso. “At napagkilala Niya ang kanilang mga pag-iisip.” Tama ’yon. Ganoon ang sinasabi ng Biblia. Tawagin mo itong *pagbabasa ng isip* kung gusto mo, subali’t Kaniyang—Kaniyang napagkilala ang kanilang mga pag-iisip.

139 At sinabi Niya, “Pinatatawad Ko kayo sa bagay na ’yan. Subali’t balang araw ay darating ang Espiritu Santo at gagawin din ang bagay na ito,” pagkatapos Niyang umalis; “mangusap ng isang salita laban Dito, ay hindi kailanman mapatatawad sa sanglibutang ito o sa darating na sanglibutan.” Tama ba iyon? [Nagsasabi ang kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ngayon, mga Hudyo iyon.

Pagkatapos isang araw ay kinailangan Niyang dumaan sa Samaria. Nguni’t bago natin gawin iyon, nasumpungan natin ang babae, o ang . . .

140 Ang lalaki, nang pumasok siya sa pintuan na tinatawag na Maganda, na siya ay gumaling. At alam ni Jesus ang kaniyang kalalagayan, at sinabi sa kaniya, “Damputin mo ang iyong higaan at umuwi ka na.” At ginawa niya iyon, at siya’y gumaling.

Pagkatapos nalalaman natin, ang mga Hudyo, tinanggap Siya ng ilan sa kanila. Pinaniwalaan iyon ng ilan; ang ilan ay hindi. Bakit hindi nila iyon pinaniwalaan? Hindi sila itinalaga sa Buhay. Hindi sila bahagi ng katangiang iyon.

141 Ngayon alalahanin, sila’y mga saserdote at mga dakilang tao. At si Jesus . . . Isipin na lang ang mga teologong iyon at mga saserdote, mga lalaking wala kang makikitang anumang kapintasan sa buhay nila. Sinabi ni Jesus, “Kayo’y sa inyong

amang diablo, at ginagawa ninyo ang kaniyang mga gawa." Sabi, "Kung kayo'y sa Dios, sasampalatayanan ninyo Ako. Kung hindi ninyo Ako masasampalatayanan, sampalatayanan ninyo ang—sampalatayanan ninyo ang mga gawang ginagawa Ko; nagpapatotoo ang mga ito kung Sino Ako."

142 Ngayon, sinabi ng Biblia, na, "Si Jesus ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailan man." Sinabi ni Jesus, "Ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin din naman ng sumasampalataya sa Akin." Tama 'yan? Pansinin, iyon ngayon ang tunay na Melquisedec.

143 Ngayon pansinin, muli, may tatlong lahi lamang ng tao.

Narinig n'yo na akong nagsabi na ako ay naniniwala sa pagbubukod. Ako nga. Lahat ng mga Cristiano ay naniniwala sa pagbubukod; hindi pagbubukod ng kulay, kundi pagbubukod ng espiritu. Ang kulay ng balat ng tao ay walang anumang kinalaman sa kaniya. Anak siya ng Dios sa pamamagitan ng Kapanganakan. Subali't ang isang Cristiano, sinabi ng Dios, "Ibukod ninyo para sa Akin!" "Lumabas kayo sa kanila," at iba pa. Siya ay isang tagapagbukod, ng karumihan, sa pagitan ng tama at mali.

144 Subali't pansinin, may paghihiwalay sila noon, paghihiwalay ng lahi, ito'y ang mga Samaritano.

At tatlo lamang ang lahi ng tao sa mundo; kung pinaniniwalaan natin ang Biblia; iyon ay, mga lahi nina Ham, Shem, at Japhet. Iyan ang tatlong anak ni Noe. Umusbong tayong lahat mula roon. Tama 'yan. Nagmula tayong lahat kay Adan dahil diyan, na nagpaging magkakapatid nating lahat. Ang sabi ng Biblia, "Sa iisang dugo ay nilikha ng Dios ang lahat ng bansa." Tayong lahat ay magkakapatid, sa pamamagitan ng dugong dumadaloy. Maaaring maisalin ang dugo ng itim na tao sa puting tao, o pabaliktad. Ang puting tao ay maaaring magbigay sa—sa Hapones, taong dilaw, o sa Indian, sa pulang tao, o anupaman, o isang anak ni Japhet, o anupaman, maaari niya siyang salinan ng dugo, dahil sa tayong lahat ay may iisang dugo. Ang kulay ng ating balat, kung saan tayo nakatira, ay walang anumang kinalaman dito.

Subali't nang ibinukod tayo, ay noong tayo'y lumabas sa sanglibutan, gaya nang inilabas Niya ang Israel sa Egipto. 'Yan ay kung kailan tayo ay inihiwalay sa mga bagay ng sanglibutan.

145 Ngayon, sila'y mga anak nina Ham, Shem, at Japhet. At kung may panahon tayo para balikan ang mga saling-lahi, makikita n'yo ang Anglo-Saxon, kung saan siya nagmula. Ngayon, 'yan ang Hudyo. . . Ang Samaritano, na kalahating Hudyo at kalahating Gentil, na nakipag-asawa sa mga Gentil sa kagagawan ni Balaam, at ng Moab. Sila'y mga Samaritano. At may mga Hudyo at mga Gentil.

Ngayon, tayong mga Anglo-Saxon ay walang kinalaman sa alinman rito. Hindi tayo naniwala sa sinumang Mesiyas, o iba pa man. Wala tayong hinihintay na isang ganoon. Saka na lang tayo ipinasok pagkatapos.

Naparito si Jesus sa mga Sariling Kaniya, at Siya'y hindi tinanggap ng mga Sariling Kaniya. At sinabi Niya sa mga alagad Niya, "Huwag kayong magtungo sa daan ng mga Gentil, bagkus magsiparoon kayo sa mga nangaligaw na tupa ng Israel." At pumunta lamang Siya sa mga nangaligaw na tupa ng Israel. At masdan, inihayag Niya ang Kaniyang Sarili bilang Anak ng tao, sa harapan ng mga Hudyo. Tinanggihan nila Ito.

Ngayon, ang Samaritano, bilang kalahating Hudyo at Gentil, naniniwala rin sila, at naghihintay para sa isang Mesiyas.

Tayo'y hindi. Mga pagano tayo, na may mga pambambong nakasukbit sa likod, sumasamba sa mga dios-diosan; ang Gentil.

146 Subali't ngayon isang araw, San Juan 4, kinailangan Niyang dumaan sa Samaria, sa daan Niya patungo sa Jerico. Subali't dumaan paikot ng Samaria. At habang patungo Siya roon, naupo Siya sa balon sa labas ng lungsod na tinatawag na Sicar. At ang balon, kung nakapunta na kayo roon, ito'y medyo malawak na tanawin na mga kagaya nito rito. At may pampublikong bukal doon, ng tubig, kung saan nagtutungo silang lahat. At ang mga kababaihan ay nagtutungo sa umaga, kukunin ang kanilang mga banga ng tubig, at ipapatong 'yun sa kanilang ulo, at tig-isa sa magkabilang balakang, at lalakad na dala ito nang tuwid na tuwid, hindi matatapon kahit isang patak; mag-uusap-usap. Kaya, sila'y, pumupunta ang mga tao roon.

147 Kaya't ito'y mga nasa alas-onse ng umaga. Kaya't pinapunta Niya ang mga alagad Niya sa lungsod, para bumili ng ilang makakain, pagkain. At habang wala sila . . .

148 May isang babae doon na kilalang marumi ang pamumuhay. Tatawagin natin siya, sa panahong ito, isang babaeng nagbebenta ng panandaliang aliw, o patutot. Napakarami niyang naging asawa. Kaya't habang nakaupo roon si Jesus, lumabas ang babaeng ito mga dakong alas-onse. Kita n'yo, hindi siya maaaring makisabay sa mga birhen kapag sila'y dumarating sa umaga para umigib ng kanilang tubig na panghugas; kailangan niyang maghintay hanggang sa silang lahat . . . Hindi sila nakikipaghalubilo kagaya ngayon. Siya ay markado na. Kaya't noon, lumabas siya para umigib ng tubig, kaya't dinampot niya lang ang lumang ikiran, at inilagay ang mga sabitan sa banga, at sinimulan iyon na ibaba.

Narinig niyang may Isang nagsasabi, "Babae, dalhan mo Ako ng maiinom." Ngayon, alalahanin, ito si Melquisedec. Ito si Jesus, kahapon, ang Anak ng tao.

149 At nagpalinga-linga siya, at nakita niya ang isang Hudyo. Kaya't sinabi niya, "Ginoo, hindi nauukol para sa isang Hudyo na humiling ng anuman sa isang Samaritano. Ako'y isang babae ng Samaria, kaya't nagsalita Ka nang wala sa Iyong posisyon. Hindi Ka dapat humiling sa akin ng ganiyang bagay. Wala tayong pakikitungo sa isa't isa."

150 Sabi Niya, "Subali't kung kilala mo kung Sino ang kausap mo, hihingi ka sa Akin ng maiinom."

Wika niya, "Paano Mo iyon sasalukin? Malalim ang balon, at wala Kang gagamiting pansalok."

151 Sabi Niya, "Ang tubig na ibinibigay Ko ay Tubig ng Buhay, bumubukal patungo sa Walang-hanggang Buhay."

Nakipag-usap Siya sa kaniya hanggang sa malaman Niya kung ano ang kalalagayan niya. At pagkatapos ay. . . Masdan ngayon kung ano ang sinabi Niya sa kaniya, "Humayo ka't tawagin ang iyong asawa at pumarito ka."

At sabi niya, "Wala akong asawa."

152 Sabi Niya, "Sinabi mo ang totoo, dahil nagkaroon ka na ng lima, at ang kinakasama mo ngayon ay hindi sa iyo. Kaya't, dahil dito, sinabi mo ang katotohanan."

Tingnan n'yo ang pagkakaiba sa pagitan ng babaeng iyon at ng lupon ng mga saserdoteng iyon. Mas may alam siya tungkol sa Dios kaysa sa buong lupon ng mga saserdoteng 'yon, na pinagsama-sama.

153 Sabi niya, "Ginoo, napaghahalata kong Ikaw ay isang Propeta." Sabi niya, "Wala pang dumating sa amin sa loob ng apat na raang taon. Ngayon, alam namin na darating ang Mesiyas. At kapag dumating ang Mesiyas, ganiyan ang gagawin Niya." Iyan ang tanda ng Mesiyas, sapagka't Siya ang Anak ng tao. Wika, "Iyan ang gagawin Niya pagdating Niya. Ikaw marahil ang propeta Niya."

154 Sabi Niya, "Ako nga Siya." Wala nang sino pa mang makapagsasabi ng gayon.

155 Ibinaba Niya ang banga ng tubig na iyon at tumakbo sa lungsod, at nagsabi, "Halikayo, tingnan ninyo ang isang Tao Na nagsabi sa akin ng mga nagawa ko. Hindi ba't Ito ang mismong Mesiyas?"

Ngayon alalahanin, ipinangako Niya na gagawin ang ganunding bagay sa katapusan ng lahing Gentil.

May apat na libong taon ang mga Hudyo para hintayin ang Mesiyas na iyon, apat na libong taon ng pagtuturo na Siya ay darating, at kung ano ang gagawin Niya pagdating Niya roon, at nabigo silang makita Siya, o nabigong makilala 'yon. At nang ipakilala Niya ang Kaniyang Sarili base mismo sa Biblia na sinabi Niyang gagawin Niya, nang Siya ay nasa theophany pa

at pagkatapos ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna nila, nabigo silang makita iyon, at tinawag na mga gawa ng diablo ang mga gawa Niya.

156 Dalawang libong taon na ngayon ang dumaan sa atin ng pagtuturo, dumaan sa iglesyang Romano Katoliko, pagkatapos ng mga apostol. Pagkatapos dumaan tayo sa Romano Katoliko, ang Griyego, at iba pa, tuluy-tuloy hanggang sa panahon ni Luther, at Wesley, at ano pa, siyam na raang iba't ibang organisasyon na nangagsisidating. Nasa kanila na ang lahat ng mga kapanahunang ito, sa pagtuturo.

Ngayon ipinangako Niya, bago lamang dumating ang huling kapanahunan, na ang larawan ng Sodoma at Gomorrah ay muling magiging, "Kung paano sa mga kaarawan ng Sodoma, gayundin naman sa pagdating ng huling kapanahunan, ihahayag ng Anak ng tao ang Kaniyang Sarili muli." [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

"Kaunting panahon pa at hindi na Ako makikita ng sanglibutan; gayunma'y makikita ninyo Ako, sapagka't Ako," isang panghalip panao, "Ako'y makakasama ninyo, sasainyo, hanggang sa katapusan, ang katapusan ng sanglibutan. Ako'y makakasama ninyo." Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailan man. Nakita n'yo?

157 Nakita n'yo, ang *Samaritano* ay, sa totoo lang, mula sa sermon ko kagabi, ay si Hagar, kita n'yo, isang binaluktot na tipo. Ang *Hudyo* ay si Sara, o kay Sara. Subali't ang *Gentil* ay mula kay Maria, ang Maharlikang Binhi, ang Maharlikang Binhi ni Abraham.

158 Ngayon ipinangako na sa mga huling araw na ito, na, ang Dios ding ito, ang siya ring Cristong ito, ay babalik na muli rito at ihahayag ang Kaniyang Sarili bilang Anak ng tao.

Bakit? Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailan man. At kung hinayaan Niya ang mga Hudyong iyon, at ibinibigay sa kanila ang tanda na iyon ng Mesiyas, at pagkatapos dumating sa dulo ng katuruan ng mga Gentil at hayaan lang silang magpatuloy sa teolohiya, magiging hindi Siya makatuwiran. Kailangang ganoon din ang gawin Niya, dahil sa sinabi ng Biblia, sa tre-. . . Mga Hebreo 13:8, "Siya ay siya pa rin."

At naipangako na Niya sa Malakias 4, at sa lahat ng iba pang Mga Kasulatan, na, sa mga huling araw, ang iglesya ay nakaayos nang eksakto kung paano ito sa araw na ito, at ang mundo'y magiging ganoon.

159 Tingnan ninyo ang sanglibutan sa araw na ito. Tingnan ninyo ang kalalagayang Sodoma. Tingnan n'yo ang mga lindol sa iba't ibang dako, at ang mga bagay na nagaganap. Tingnan n'yo ang iglesya at ang kaguluhan na kinasasadlakan nito, ng Babilonia.

Tingnan n'yo ang mensahero para dito, isang Oral Roberts at isang Billy Graham.

G-r-a-h-a-m, unang pagkakataon na nagkaroon tayo ng isang mensahero, sa lahat ng mga iglesya, na nagtatapos ang kaniyang pangalan sa h-a-m, kagaya ni Abraham. Ang A-b-r-a-h-a-m ay pitong letra. Ang G-r-a-h-a-m ay anim na letra. Saan siya naroon? Sa sanglibutan. Ang anim ay bilang ng tao. Nilikha ang tao sa ikaanim na araw. Subali't ang pito ay bilang ng Dios.

160 Ngayon masdan sila doon sa dako ng Sodoma. At hayun ang mga mensahero nila roon na nangungusap sa kanila.

Subali't saan naroon noon ang maharlikang Binhi ni Abraham? Saan naroon ang kanilang tanda, na sinabi Niya? "Kung paano sa mga kaarawan ng Sodoma," na nanaog ang Dios at nahayag sa katawang-tao, at sinabi kung ano ang iniisip ni Sara sa kaniyang puso, sa tolda sa likuran Niya, ang huling tanda bago ginunaw ang mundo ng mga Gentil sa pamamagitan ng apoy. At nakuha na ng Iglesya ang huli nitong tanda bago gunawin ang buong sanglibutan, ang kahariang ito ng Gentil ay gugunawin sa pamamagitan ng apoy at poot ng Dios. Naniniwala ba kayo riyan? [Nagsasabi ang kongregasyon, "Amen."—Pat.]

161 Ang Melquisedec na iyon ay laman, ipinakilala ang Kaniyang Sarili na nasa isang katawan ng tao; at pagkatapos di-kalaunan ay nagkatawang-tao Siya. At ngayon, sa gabing ito, Siya ay siya pa rin, kahapon, ngayon, at magpakailan man. Pinaniniwalaan n'yo ba ito? [Nagsasabi ang kongregasyon, "Amen."—Pat.]

162 Sino si Melquisedec na ito, kung ganoon, na siya pa ring kahapon, ngayon . . . "Hindi kailanman nagkaroon ng ama, hindi kailanman nagkaroon ng ina; hindi Siya kailanman nagkaroon ng pasimula ng mga araw, hindi Siya kailanman nagkaroon ng katapusan ng buhay." At sinalubong Niya si Abraham, at anong uri ng tanda ang ginawa Niya? Pagkatapos nang Siya ay nagkatawang-tao, sinabi Niyang ito'y mangyayaring muli kaagad bago ang katapusan ng panahon. Naniniwala ba kayo riyan? [Nagsasabi ang kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sinasampalatayanan ko ito. ["Amen."]

Tayo'y manalangin.

163 Minamahal na Dios, naniniwala po ako sa Mga Kasulatan, na sinabi Mong Ikaw ay "siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailan man." At buong kapatapan sa puso ko, Panginoon, nalalaman kong may napipintong maganap. Hindi ko iyon lubusang mailarawan. Natatakot po akong magsalita ng anuman, Panginoon. Nalalaman Mo ang puso ng Iyong lingkod.

164 At ilang beses, sa mga nagdaang panahon kapag nagsugo ka ng mga bagay, nabigo ang mga taong maunawaan iyon. Patuloy na pinupuri ng tao ang Dios sa mga ginawa Niya, at sinasabi ang

mga dakilang bagay na gagawin Niya, subali't ipinagwawalang-bahala kung ano ang ginagawa Niya. Ganoon sa mga nagdaang panahon. Bakit nabigong makita ng iglesyang Romano Katoliko si San Patrick bilang propeta ng Dios? Bakit pinatay nila si Joan ng Arc gayong siya ay isang—isang propetisa, sinunog siya bilang isang mangkukulam? Ama, ito'y laging dumaan na. Itinatago mo ito sa mga mata ng matatalino at pantas. Kaya naman sinabi Mo sa mga saserdoteng iyon, "Pinagaganda ninyo ang mga libingan ng mga propeta, at kayo ang naglagay sa kanila roon." Pagkatapos nang sila'y wala na, saka nila nakikita ang kanilang mga pagkakamali. Lagi Ka nilang inuusig, Panginoon, sa ano mang anyo Ka dumating.

165 Dalangin ko po, sa gabing ito, Dios, isang beses pa. Bukas nakatakda kaming. . . pumunta sa Tucson. Ibang bahagi ng mundo, ibang bahagi ng mga siyudad na kailangan naming mangaral doon. Subali't, Mahal na Dios, maaaring may mga dayuhan dito sa gabing ito na hindi pa kailanman. . . Narinig na nila ang Mga Salitang naipangaral, subali't hindi pa Ito nakitang nahayag.

Katulad po ng hiniling ko sa Iyo noong pasimula. Nang ang mga alagad na iyon, si Cleopas at ang kaniyang kaibigan, na dumarating mula sa Emaus, naglalakad sa tabi ng daan, at lumabas Ka mula sa palumpong at nagpasimulang makipag-usap sa kanila, pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli, nangaral sa kanila. Aba, sabi Niya, "Mga haling, makukupad ang mga puso. Hindi ba ninyo alam na dapat magbata si Cristo ng mga bagay na ito, pagkatapos ay pumasok sa Kaniyang kaluwalhatian?" Subali't ganoon pa man ay hindi nila iyon napagkilala. Buong maghapon lumakad silang kasama Ka, at ganoon pa man hindi Ka pa rin nila nakilala. Subali't isang gabi. . .

Dumating ang gabi, pinilit Ka nilang pumasok. Nang pumasok sila sa maliit na bahay-tuluyan at isinara ang mga pintuan, pagkatapos ay ginawa Mo ang isang bagay kung paano Mo sadyang isinagawa iyon bago ang pagkapako Mo sa krus, at napagkilala nilang iyon ang nagbangon na Cristo. Sa ilang sandali pa ay nasa likod Ka na ng mga tabing at nawala na. Madali silang tumakbo at sinabi sa mga alagad, "Ang Panginoon ay totoo ngang muling nabuhay!"

166 Ama, Dios, nananampalataya akong buhay Ka pa rin. Alam kong Ikaw nga. At Iyo nang napatunayan iyon sa amin nang maraming beses. Maaari Mo bang gawin iyon minsan pa para sa amin, Panginoon? Kung nakasumpong kami ng biyaya sa Iyong paningin, hayaan Mong mangyari iyon nang minsan pa. Ako ay Iyong lingkod; ito po ay mga lingkod Mo rito. Panginoon, lahat ng sinabi ko ay hindi matutumbasan ang. . . Isang Salita lamang na manggagaling sa Iyo ay hihigit pa sa sinabi ko nitong limang gabi, o limang mensahe. Ito'y hihigit pa, isa lang Salita na

magbuhat sa Iyo. Maaari Ka bang mangusap, Panginoon, upang malaman ng mga tao na sinabi ko ang Katotohanan sa kanila? Ipagkaloob Mo po, Dios. Hinihiling ko ito sa Pangalan ni Jesus, minsan pa. Amen.

167 Ngayon, hindi ko kayo kilala. Kilala ko ang ilang tao. Kilala ko ang batang lalaking ito na nakaupo *rito*. Kilala ko si Bill Dauch na nakaupo banda *roon*. Nais kong . . . Heto si Kapatid na Blair, Rodney Cox. Mahirap makita banda riyan.

Sa banda *rito*, sa kasalukuyan wala akong makitang sinoman, sa totoo lang, na kakilala ko.

168 Ngayon ilan sa mga narito ang nakakaalam na estranghero ako sa inyo? Itaas ang inyong mga kamay, nalalamang wala akong anumang alam tungkol sa inyo, itaas ang inyong mga kamay sa magkabilang panig.

Ilan sa mga narito ang may problema, o isang bagay na alam ninyong hindi ko alam? Maaari ba ninyong itaas ang inyong mga kamay.

Ngayon, magiging ganap, lubos na napakaimposible para sa akin na malaman ang anumang bagay na patungkol sa inyo. Kung hindi, kung ganoon, kailangang manggaling iyon mula sa isang kapahayagan ng Espiritu.

At yamang nasabi ko na sa inyo sa lahat ng mga gabing ito, at sa gabing ito, na hindi Siya patay; naririto Siya, at nangakong gagawin ang ganoon ding bagay. At ipinangako na darating ang oras sa mga huling araw, sang-ayon sa Malakias 4 at sang-ayon sa San Lucas, na magpapakita Siyang muli sa anyong tao sa gitna ng Kaniyang tinipon na mga hinirang at gagawin ang ganoon ding mga bagay, at ipahahayag ang ganoon ding bagay, ang siya ring tanda ng Mesiyas. Ilan ang nakakaalam niyan, kayong mga nagbabasa ng Biblia, nalalaman na 'yan ang Totoo? Sabihin, "Amen." [Nagsasabi ang kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mukhang mga nagbabasang lahat ng Biblia.

169 Ngayon, alam kong ito'y kaiba sa mga tao sa panahong ito, subali't ganoon pa man ito ang Katotohanan. 'Yan ang dahilan na hindi nila kilala si Jesus na taga-Nazaret. Alam nila ang mga kredo nila sa iglesya, nguni't hindi nila Siya kilala. Subali't dumating Siya sa paraan na sinabi ng Biblia; hindi isang teologo, hindi isang pari. Dumating Siya bilang isang Propeta, at hindi Siya tinanggap ng mga Sariling Kaniya.

170 Ngayon, kung tutuparin ng Dios ang Kaniyang Salita, at kung mangyaring ako ay . . . mangyaring bumaba ito sa isang kakilala ko, kung ganoon ako'y—ako'y kukuha ng iba pa. Kita n'yo, gusto ko ng isang hindi ko kilala. At nais kong kayo ay manalangin.

171 Ngayon, tingnan, may isang munting babae na minsan ay may karamdaman. Ginugol niya ang kaniyang salapi para sa

mga doktor; wala silang magawa para sa kaniya. At sinabi niya sa kaniyang puso, “Kung mahihipo ko ang damit ng Taong iyon, ako’y gagaling.” Natatandaan n’yo ang kuwento? At kaya sinikap nilang lahat na pigilan siya, subali’t nagpumilit siyang makipagsiksikan hanggang sa mahipo niya ang Kaniyang damit, bumalik at naupo.

172 Ngayon ay makinig nang mabuti. At pagkatapos nang gawin Niya iyon, nang gawin ng babae iyon, bumaling si Jesus at nagsabi, “Sino ang humipo sa Akin?”

173 Aba, si Pedro na apostol ay pinagsabihan Siya. Maaaring sinabi niya ang isang bagay na parang, “Panginoon, huwag pong sabihin ang ganiyang bagay. Iisipin ng mga tao na may bagay na mali sa Iyo. Dahil sa, noong hiniling Mo sa kanila na kainin ang Iyong laman at inumin ang Iyong Dugo, inisip na nilang may bagay na mali. At sinasabi Mo, ‘Sino ang humipo sa Akin?’ Aba, hinihipo Ka ng karamihan.”

174 Sabi Niya, “Oo, subali’t napagkilala Kong may bisa na umalis sa Akin.” Iyon ay ibang klase ng paghipo. Ngayon, nalalaman ng sinuman na ang *bisa* ay “lakas.” “Nanghina ako; may bisa na umalis sa Akin.”

At luminga-linga Siya sa mga taong nanonood hanggang sa matagpuan Niya ang munting babae, at sinabi sa kaniya ang tungkol sa sakit niya sa dugo. At naramdaman niya sa kaniyang katawan na ang pagdurugo na iyon ay huminto na. Tama ba ’yon? At sabi Niya, “Iniligtas ka ng iyong pananampalataya.”

Ngayon, ang Griyegong salita roon ay *sozo*, na ganap na nangangahulugang “naligtas,” sa pisikal o sa espirituwal, ganoon din naman. Siya ay “nagligtas.” Siya ay—Siya ay ang Tagapagligtas mo.

175 Ngayon, kung Siya ’yon kahapon, at ang paraan ng pagkilos Niya, upang patunayan na nasa kalagitnaan Siya ng mga tao, ang ipinangakong Mesiyas; at sa ganiyang paraan Niya ipinakilala ang Kaniyang Sarili, at pangako sa pamamagitan ng Biblia, gagawin din Niya ang gayon ding bagay ngayon; hindi ba’t Siya, hindi ba’t kailangan din Niyang gawin ang gayon ding bagay?

176 Sasabihin mo, “Sinabi ba Niya ang tungkol sa pagpapagaling sa mga maysakit?” Oo!

Ang Mga Hebreo, ang Biblia na kababasa ko lang, ay nagsabi na, “Si Jesus Cristo ngayon ang ating Dakilang Saserdote na maaaring mahabag sa ating mga kahinaan.” Ilan ang nakaaalam na ’yan ay totoo? [Nagsasabi ang kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sinabi nga ’yan ng Biblia. “Siya ang Dakilang Saserdote ngayon na maaaring mahabag sa ating mga kahinaan.” Kung ganoon kung Siya pa rin ang Dakilang Saserdote na Siya noon, paano Siya kikilos ngayon? Kinakailangan Niyang gumawa kung

paano ang paraan Niya ng paggawa noon, kung Siya ang siya pa ring Dakilang Saserdote. Ngayon, maaaring ikaw . . .

Hindi ako ang Dakilang Saserdote ninyo. Maaari ninyo akong mahipo, at iyon ay magiging parang hinawakan n'yo lang ang asawa n'yo, o ang kapatid n'yo, o ano pa man, isang tao.

177 Subali't hayaan ninyong mahipo Siya ng inyong pananampalataya, at masdan kung ano ang mangyayari. Ngayon, kung ako nga ay lingkod ng Dios at sinabi ko sa inyo ang Katotohanan, pagtitibayin 'yan ng Dios na siyang Katotohanan. At mapatutunayan niyan na si Jesus Cristo ay nabubuhay ngayong gabi, nakatayo rito. Iyan ba'y tama? [Nagsasabi ang kongregasyon, "Amen."—Pat.]

Ngayon, may pananampalataya kayo, isa-isang panig lamang, isang panig. May pananampalataya kayo sa dako riyan. Mas mabuting manatili ako sa may mikropono dito, dahil sa hindi nila ako marinig.

178 May isang tumingala lamang sa Dios, at magsabi, "Dios, hindi po ako kilala ng lalaking 'yon. Wala siyang alam patungkol sa akin. Ako'y lubos na estranghero sa kaniya. Nguni't hayaang mahipo Ka ng aking pananampalataya, Panginoon. At alam Mo kung ano ang problema sa akin, Panginoon. Alam Mo ang lahat ng tungkol sa akin. Kilala Mo ako, ganun din kung paanong nakilala Mo kung sino si Pedro, kung paanong nakilala Mo rin po si Natanael, kung paanong nalaman Mo ang sakit ng babaeng inaagasan ng dugo. At sinasabi sa akin ng lalaking ito na Ikaw ay 'ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man.' Kung ganoon, Panginoon, hayaang mahipo Ka ng aking pananampalataya."

At kung gagawin Niya 'yon, at walang kamali-maling mapatunayan ang Kaniyang Sarili dito, ilan sa inyo ang sasampalataya sa Kaniya nang buong puso ninyo; kung gagawin Niya iyon sa kahit man lang isa, o dalawa, o tatlong tao, bilang isang—bilang patotoo? [Nagsasabi ang kongregasyon, "Amen."—Pat.] Pagpalain kayo ng Dios.

179 Ngayon, Amang Dios, ito ay lubos na wala sa mga kamay ng sinumang tao. Ito nga'y kinakailangang supernatural na mga kababalaghan. Kaya't dalangin ko na tulungan Mo nawa ako ngayon, Panginoon. Nasa mga kamay Mo ako. Gawin Mo po sa akin ang nakikita Mong nararapat. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

180 Ngayon, huwag kayong nerbiyosin. Magpakababa lamang, may paggalang na sabihin, "Panginoon, paglilingkuran Kita. At iyan ay magiging totoo, na, kung mahipo ko ang Iyong damit, kung ganoon ay mangusap Ka sa pamamagitan ng taong iyon. Mapatutunayan niyan sa akin na ang sinabi niya ay Katotohanan." Tama ba?

181 Ilan na ang nakakita sa larawan ng Liwanag na iyon? Kumalat na ito sa buong bansa, sa lahat ng dako. Nakunan na ito ng Agham at siniyasat ito, at sa lahat. Ngayon, naririto mismo Siya ngayon; ang Siya ring nagsabi patungkol sa *Pag-aasawa At Diborsiyo*, ang Siya ring nasa bundok, niyanig ang mga burol doon, ang Siya ring narito sa may ilog noong ’33, ang siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Siya ay siya pa rin.

182 Ngayon, may isang babae, at napagkikilala niya ngayon na may bagay na naganap. Ang Liwanag na iyon ay nakalutang sa ulohan niya. Nakaupo siya banda *rito*, nakasuot ng berdeng sweater, o ano man. Hindi ko kilala ang babae. Sa palagay ko ay estranghero kami sa isa’t isa. Tama ’yan. Naniniwala ka bang ang Dios. . . Ika’y—ikaw ay nangangailangan ng isang bagay, at naniniwala kang kayang ipahayag sa akin ng Dios kung ano ang sakit mo? At kung gagawin nga Niya, kung ganoon malalaman mo na ito’y tiyak na isang kapangyarihang supernatural, dahil sa hindi kita kilala. At ito’y kailangang magmula sa supernatural.

Depende sa iniisip mo kung ano ito. Maaaring panigan mo ang mga saserdote, tawagin itong “ang diablo,” o maaaring pumanig ka sa mananampalataya at tawagin itong “Dios.” Alin man ang pinaniniwalaan mo, diyan manggagaling ang gantimpala mo.

183 Kung ipapahayag sa akin ng Dios ang sakit mo, tatanggapin mo ba Siya bilang iyong—iyong pangtubos para sa sakit na iyon? Hindi ko alam kung ano ang karamdaman. Subali’t alam ko, at alam mo, na may bagay na nagaganap.

184 Ngayon, hayaan mo lang ngayon na sabihin ko sa iyo kung ano ang pakiramdam mo, at pagkatapos ay malalaman mo; isang talagang mainit, kalugod-lugod, maginhawang pakiramdam. Nakatingin ako diretso mismo Rito. Iyon ang Liwanag na iyon, amber na Liwanag na nakalutang sa babae.

At ang binibini ay pinahihirapan ng sakit sa kaniyang tiyan. Isang uri ito ng mga tubo ng bukol, parang, sa kaniyang tiyan. Hindi siya tagarito. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Tama.”—Pat.] Hindi. Ika’y tagaroon sa malayo rito hindi ba? Tama ’yan. Taga-Wisconsin ka. ’Yan ba’y tama? Sigurado. Ngayon ikaw ay magaling na. Pinagaling ka na ng iyong pananampalataya.

185 Ngayon ay sabihin ninyo sa akin kung Sino ang nahipo ng babae? Dalawampu’t limang yarda ako mula sa kanya. Nahipo niya si Jesus Cristo, ang Dakilang Saserdote. Naniniwala ba kayo riyan? [Nagsasabi ang kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

186 Nakatingin ako sa isang babae na kinausap ko. Itong babae, nakatingin ako diretso sa kaniya, ’pagkat siya’y nananalangin na mainam para sa isang lalaki. Sinabi niya sa akin na may isang lalaki siyang. . . Wala siyang sinabi sa akin na anuman tungkol rito.

Subali't ang pangalan niya ay Gng. Waldrop. Nagmula siya sa Phoenix. Siya ay ibinangon mula sa mga patay, at dumating ang doktor niya na may mga dalang x-ray at ipinakita ang kanser sa puso. Namatay siya sa hanay ng mga ipinananalangin. Gaano na katagal 'yun, Gng. Waldrop? Labingwalong taon na ang nakararaan, at hayan siyang nakaupo ngayong gabi, isang buhay na patotoo. Ang kaniyang doktor ay dumating sa pagtitipon, dinala ang. . . Sabi, "Paanong mabubuhay ang babae?" Subali't hayan siya, at walang palatandaan nito.

187 May isinama siya, at siya ay nananalangin para dito. Ngayon, ito ay nasa bingit ng kamatayan, dahil sa diabetes. Ngayon, alam ko iyon. Subali't dahil sa ikaw ay nananalangin. . . Alam mong hindi ko siya kilala, Gng. Waldrop.

188 Siya ay taga-Missouri, at ang pangalan niya ay G. Cooper. Tama iyon. Ngayon, naniniwala ka, maaari ka nang umuwi at gumaling, ginoo. Nasa sa iyo, kung sasampalatayanan mo ito.

189 Narito ang isang babae, at siya ay naghihirap sa kondisyon na hika, mga kumplikasyon. Hindi siya tagarito. Nakaupo siya riyan sa karamihan, sa banda *roon*. Umaasa akong makukuha niya. . . Hindi siya tagarito. Taga-Georgia siya. Binibining McKenny. Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo, at nananampalatayang pagagalingin ka ng Dios? Tumayo ka sa iyong mga paa, kung ikaw ay estranghero sa akin at 'yun ay totoo. Pinagagaling ka na ni Jesus Cristo. Sumasampalataya ka ba?

[Nakatalikod si Kapatid na Branham sa kongregasyon—Pat.]

190 Sa likod ko, may lalaking nakaupo sa likuran ko. Nakikipag-ugnay siya sa Dios. At ang nais niya; may sanggol siya na may sakit sa puso. At ang sanggol na iyon ay may di-pangkaraniwang tunog sa kaniyang puso, ganoon ang sabi ng doktor. At ang pangalan ng lalaking iyon ay G. Cox. Tumayo ka, G. Cox. "At sinabi Niya kay Sara kung ano ang iniisip niya, sa likuran Niya."

[Patuloy na nakatalikod si Kapatid na Branham sa kongregasyon—Pat.]

191 Mismo sa kabila ng pagitang daanan mula sa kaniya, paatras nang kaunti, ay isang lalaki na nagmula hindi rito, kundi mula sa New Mexico. Hindi ko pa siya nakita, sa buong buhay ko. Nakatingin ako diretso sa kaniya ngayon, at nasa likod ko siya. Taga-New Mexico siya. At may batang babae na inaalala ang lalaki, at ang batang babae ay may problema sa kaniyang bibig. Iyon ay isang. . . Ang ngalangala sa kaniyang bibig ang problema. At ang pangalan ng lalaki ay G. West. Maaari ka bang tumayo, ginoo. Ako ay lubos na estranghero sa kaniya, subali't pagagalingin ng Panginoong Dios ang kaniyang anak.

192 Sumasampalataya na ba kayo ngayon nang buong puso ninyo? [Nagsasabi ang kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ilan sa inyo

ang naniniwala na ngayon nang buong puso ninyo? [“Amen.”] Ngayon, hindi ba’t si Jesus Cristo ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailan man? [“Amen.”] Tinatanggap n’yo na ba Siya ngayon bilang Tagapagligtas ninyo? Itaas n’yo ang inyong kamay. [“Amen.”] Sumasampalataya ba kayo sa Kaniya bilang inyong Tagapagpagaling? [“Amen.”]

193 Heto, narito ang isang tao na nakaupo rito, lumpo o ano man, nakahiga sa isang tiheras.

Naririnig n’yo ba ako sa mikroponong ito? [Kinuha ni Kapatid na Branham ang isang mikropono at lumakad sa dulo ng entablado at nakipag-usap sa babaeng nasa tiheras—Pat.] Hindi kita kilala. Kayo lamang ay isang babae na nakahiga riyan. Kung kaya kitang pagalingin, gagawin ko iyon. Hindi kita kayang pagalingin.

[Nagpasimulang umiyak ang isang lalaki—Pat.] Buweno. Isang lalaki lamang ’yun na nagagalak. Ang anak niya ay pinagaling na.

Hindi kita kilala. Isa kang babae, at ako’y lalaki. Ito ang unang pagkakataon nating nagkita sa ating buhay, palagay ko. Ang mga taong ito. . .?. . .na nagdala sa ’yo. Sa totoo lang, ito ang unang pagkakataon mo rito; dinala ka lamang. Galing ka sa malayo. Ikaw ay nalililiman ng kamatayan. May kanser ka. Hindi iyon pagkalumpo. Iyon ay kanser. Wala nang magagawa pa para sa ’yo ang mga doktor. Totoo ’yun. At tiyak kang mamamatay; wala nang magagawa pa para sa iyo ang mga doktor na iyon.

194 Minsan may tatlong may ketong na nakaupo sa pintuang-bayan ng Samaria. At sinabi ng mga may ketong na iyon, “Bakit tayo nangakaupo rito hanggang sa tayo ay mamatay?” Dahil sa, lahat ng sakit, namamatay sa gutom, at kinakain ang anak ng isa’t isa. Sinabi nila, “Kung pupunta tayo sa kampo ng kaaway, ang mga taga-Siria; kung papatayin nila tayo, mamamatay pa rin naman tayo, paano’t paano man. At kung ililigtas tayo ng mga iyon, mabubuhay tayo.” At sinamantala nila ang pagkakataong iyon. At, dahil sa pananampalatayang iyon, hindi lamang nila iniligtas ang kanilang sarili kundi ang buong grupo.

195 Ngayon, mamamatay ka kung hihiga ka riyan. Subali’t hindi naman hinihiling sa iyo na magtungo ka sa kampo ng kaaway. Kundi inaanyayahan ka sa bahay ng Ama, . . .?. . .

196 Nasa bingit ka ng kamatayan dahil sa kanser. Hindi ka mabubuhay liban sa Dios. Hindi ka tagarito sa siyudad na ito. Hindi ka galing sa malapit dito. Galing ka pa sa malayo. Ikaw ay taga-Milwaukee. Totoo iyon. Tama ’yon. Nakita ko na ang siyudad. Alam ko iyon. Tama ’yon.

Sumasampalataya ka ba? Tatanggapin mo ba ang Dios ngayon bilang Tagapagpagaling mo? Kung gagawin mo iyon, kahit gaano ka pa kahina, gaano ka mang naratay sa banig, naniniwala ako, sa kaso mo, tatayo ako sa Pangalan ni Jesus Cristo. At dadalhin ang tiheras na 'yan at uuwi, at mabubuhay para sa kaluwalhatian ng Dios. Maaari mo ba akong sundin, bilang propeta ng Dios? Kung ganoon tumindig ka at humayo. Maging magaling ka! Huwag kang matakot. Bumangon ka mula sa tiheras; pagagalingin ka ng Dios. Kita n'yo?

197 Sinuman pakihawakan siya para makatayo siya at makakuha ng lakas. Sinasampalatayanan n'yo ba ang Dios? Hayaan lamang siyang makakuha ng kaunting lakas; siya'y magiging maigi. Ganiyan nga, kapatid. Hayan nga siya, sa Pangalan ng Panginoong Jesus! [Nagagalak ang kongregasyon habang ang kapatid na babae ay nakatayo na ngayon—Pat.]

Tumayo tayo at magbigay ng papuri sa Dios. Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailan man! [Lubhang nagagalak at nagpupuri sa Dios ang kongregasyon—Pat.]

Humayo ka, at pagpalain ka ng Panginoong Jesus Cristo. [Patuloy na lubhang nagagalak at nagpupuri sa Dios ang kongregasyon—Pat.]

*Sino Itong Si Melquisedec?* TAG65-0221E
(Who Is This Melchisedec?)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Pebrero 21, 1965, sa Parkview Junior High School sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2010 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org